GSJ: Volume 11, Issue 2, February 2023, Online: ISSN 2320-9186
www.globalscientificjournal.com

# KAHANDAAN NG GURO SA PAGTUTURO NG ASIGNATURANG FILIPINO SA ANTAS SEKONDARYA

*July Jean L. Benito, MAEd*

*Email: julyjeanbenito@gmail.com*

**Abstrak**

Ang pag-aaral na ito ay tumatalakay sa kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya. Ito ay isinagawa upang masukat ang kahandaan sa kahusayan at kasanayang pampropesyunal at mga suliranin na kinakaharap ng mga guro sa kanilang pagtuturo. Gumamit ang mananaliksik ng *Quantitative* na disenyo upang masukat ang resulta ng pag-aaral sa mga nakalap na impormasyon, mula sa sariling pananaw ng mga guro sa kanilang kahandaan sa pagtuturo gamit ang talatanungang papel. Ginamit din ang *Qualitative* na disenyo sa pagsukat ng mga impormasyon na nagmula sa resulta ng obserbasyon ng mananaliksik at punong-guro, gamit ang kaparehong talatanungan tungkol sa kahandaan ng mga guro sa kanilang pagtuturo. Ang talatanungan sa unang bahagi ay tungkol sa profayl ng respondente. Ang ikalawang bahagi ay binubuo ng 65 aytems ng mga kahandaan sa pagtuturo, na siya ring ginamit sa isinagawang obserbasyon ng mananaliksik at punong-guro sa aktwal na pagtuturo ng mga guro sa Filipino. Sa ikatlong bahagi ay binubuo ng 10 aytems tungkol sa mga suliraning kinakaharap ng mga gurong nagtuturo ng Filipino. Ang mga respondente ng pag-aaral ay ang mga guro na nagtuturo ng Filipino sa sekondarya sa dibisyon ng Maguindanao II. Nalaman sa pag-aaral na ang profayl ng mga guro ay may kaugnayan sa kanilang kahandaan sa pagtuturo. Ang mga guro ay handa sa pagtuturo, subalit may kakulangan sa kasanayan at katatasan sa paggamit at pagsasalita ng wika. Ito ang nakikitang dahilan ng mababang resulta ng pambansang

pagsusulit o NAT sa ARMM. Natuklasan din na ang pagiging regular sa pagtuturo ay isang motibasyon sa mga guro sa kanilang pagtuturo.

***Keywords:*** *kahandaan, kahusayan, kasanayang pampropesyunal, at mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo.*

## Panimula

Ang kahandaan sa pagtuturo ay mahalagang katangian na dapat taglayin ng isang guro. Nakasalalay sa kamay ng guro ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ayon kay Gurney (na binanggit sa pag-aaral ni Fernandez, 2013), ang guro ay may malaking bahagi sa pagiging matagumpay ng isang mag-aaral kaya nararapat lamang na magkaroon siya ng sapat na kahandaan sa pagtuturo. Ang pagiging handa ng guro sa lahat ng aspeto ng kaniyang pagtuturo at pagiging isang guro ay pinakamahalagang katangian na dapat niyang taglayin. Kung ang guro ay hindi handa sa pagtuturo, maaaring hindi niya magampanan ang responsibilidad ng isang guro. Ang guro na may kahandaan sa kanyang pagtuturo at handang magbahagi sa kanyang mga mag-aaral, mas makikita ang ganap na epektibong relasyon ng pagtuturo at pagkatuto.

© GSJ

Sa pahayag ni Gannaban (2012), ang pagtuturo ng asignaturang Filipino ay dapat pag-ukulan ng masusing pag-iisip ng mga guro. Kadalasan ay hindi binibigyang pansin ng ilang mag-aaral ang asignaturang ito sa dahilang para sa kanila ito ay napakadali sapagkat ipinapalagay na sila ay Pilipino na. Kung kaya't nagbubunsod ito sa kanila upang mawalan ng interes o ganang makinig sa guro. Ang ganitong suliranin ay nadadagdagan pa ng pagkakaiba-iba ng persepsyon ng guro, mag-aaral at tagapamahala hinggil sa kahusayan sa pagtuturo. Mahalaga na isaalang-alang ng guro na ang pagtuturo ay isang instrumento sa komunikasyon ng wika. Kung mahina ang instrumento, mahina rin ang komunikasyon.

Ang layunin sa pagtuturo ng alinmang wika ay upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral. Mapukaw ang kanilang diwa at damdamin sa malinaw na pamamaraan at wastong pagkakahabi ng ideya. Kaya nararapat lamang na pag-ukulan ng mahalagang pansin at masusing pag-iisip ang pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Sa pagtuturo ng asignaturang Filipino, kinakailangan na ang guro ay may sapat na kaalaman sa wika. Nararapat lamang na ang guro ay nakapagtapos ng kursong edukasyon

medyor sa Filipino. Patuloy na nagpapaunlad ng kasanayang pampropesyunal sa pamamagitan ng pagkuha ng M.A. ng Edukasyon Medyor ng Filipino. May mga seminar na nadaluhan at may malawak na pang-unawa sa iba't ibang kakayahan ng mga mag-aaral. Kinakailangan din na ang guro ay may sapat na kaalaman hindi lamang sa wika, kundi maging sa paggamit ng mga angkop na kagamitan sa pagtuturo upang mas maging matagumpay ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ayon pa sa isinagawang pag-aaral ni Ibrahim (2005), ipinapakita sa resulta ng pagtataya sa antas ng edukasyon ng mga guro sa Filipino na mas marami ang nagtuturo na hindi M.A sa Filipino at hindi rin nagpapakadalubhasa sa Filipino. Ipinakita na apat na taon sa pag-aaral ng kolehiyo lamang ang natapos ng karamihan sa mga guro, kung saan hindi ito sapat upang makapagturo nang mahusay at may sapat na kaalaman. Kaya naman dapat itaas pa ng mga guro ang kanilang mga kamalayan sa patuloy na paglinang sa sarili. Lalo na sa propesyon sa antas ng pagtuturo ng Filipino sa tersyarya at maging sa Senior High School sa sekondarya.

Hindi maitatangging sa pagtuturo ng Filipino sa Senior High School, kinakailangan nang guro na may sapat na kaalaman sa wika. Nararapat lamang na ang guro ay nakapagtapos sa kursong edukasyon medyor sa Filipino at patuloy na nagpapaunlad ng kasanayang pampropesyonal sa pag-aaral ng M.A. ng edukasyon medyor sa Filipino. Sa Junior High School ay kinakailangan na nakapagtapos ng apat na taon sa kursong edukasyon, may mga seminar na nadaluhan at may malawak na pang-unawa sa iba't ibang kakayahan ng mga mag-aaral. Kinakailangan din na ang guro ay may sapat na kaalaman hindi lamang sa wika kundi maging sa paggamit ng mga angkop na kagamitan sa pagtuturo upang mas maging matagumpay ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Maraming itinuturong dahilan ang mga guro sa pagbaba ng resulta ng *National Achievement Test* (NAT). Ilan sa mga ito ay ang kakulangan ng mga guro na magtuturo ng Filipino sa mga paaralang sekondarya ng *Autonomous Region in Muslim Mindanao* (ARMM), ang pagkakaroon ng *mismatch* ng mga guro na nagtuturo ng mga asignatura sa sekondarya o yaong ang gurong nagtuturo ng partikular na asignatura ay hindi nito medyor ang nasabing asignatura. Ang mga suliraning ito ay patuloy na hinahanapan ng solusyon ng departamento ng rehiyon.

Ang kakulangan ng mga guro na magtuturo ng asignaturang Filipino na nagreresulta ng mababang masteri ng mga mag-aaral sa mga paaralang sekondarya sa *Autonomous Region in*

ISSN 2320-9186

*Muslim Mindanao* (ARMM). Patunay ang mababang resulta sa Pambansang Pagsusulit o *National Achievement Test* (NAT) ng mga mag-aaral, kung saan pumapangalawa ang Filipino sa may pinakamababang resulta lalo na sa lebel ng masteri sa taong 2005-2006 na may 40.51% na mean score (Nunez, 2006). Sa isinagawang pambansang pagsusulit noong Marso 2008, ang mga paaralan na kabilang sa pagsusulit ay may bilang na 30,396 sa pampublikong paaralan, 366 ang nakakuha ng mean percentage score (MPS) ng 34 at pababa. Malaking bilang ng mga paaralan ay nagmumula sa (ARMM) na mahigit sa kalahati o isandaan at siyamnaputlimang (195) paaralan.

Ang kagawaran ng edukasyon ay hinati ang puntos ng mga mag-aaral sa ganitong lebel: mababang masteri ( may puntos na 15 to 34%); katamtamang masteri (35 to 65%); papataas na masteri (66 to 85%); mataas na masteri (86 to 95%); at may masteri (96 to 100%) (Mendoza, abs-cbnNEWS.com, 2008) at ayon pa sa resulta ng (NAT) sa taong 2011-2012 pang-apat ang Filipino sa pinakamababang resulta na may mean score na 51.27%.

Bahagi ng paghahanap ng solusyon sa disiplina sa pagtuturo ng Filipino ang pananaliksik na ito. Nilalayon ng pananaliksik, na makatulong sa paghahanap ng solusyon sa suliranin ng rehiyon. Sa pamamagitan ng pag-alam sa kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya. Gaya ng nabanggit na, patuloy ang pagbaba ng resulta sa pagsusulit ng Pambansang Pagsusulit o *National Achievement Test* (NAT) ng mga mag-aaral kabilang ang Filipino. Kaugnay nito, tutuklasin ng mananaliksik ang kahandaan sa kahusayan at kasanayang pampropesyunal ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino.

## Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Ang bahaging ito ay nagtatampok ng mga kaugnay na literatura at mga pag-aaral ng isinasagawang pananaliksik tungkol sa kahandaan ng mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya.

### Kahandaang Pampropesyunal ng Guro sa Pagtuturo

Ang pagiging guro ay hindi basta-bastang propesyon, kinakailangan na ang mga guro na magtuturo ay karapatdapat, may sapat na kahandaang pampropesyunal at may sapat na kaalaman sa tinuturong asignatura. Ang *eligibility* ay napag-alaman na isa sa salik na tumutukoy sa kahandaan ng mga guro sa implementasyon ng programang K-12. kaugnay nito, ang mga guro

ISSN 2320-9186

sa kalehiyo na nakapagtapos ng edukasyon at nakapasa sa *Licensure Examination for Teacher* (LET) ay mas handa sa programang K-12, sa kadahilanang ang mga guro sa kolehiyo na lumipat sa *Senior High School,* ay karapat-dapat na magturo at makakuha ng permanenteng posisyon sa pagtuturo sa K-12 *Senior High School* na itinakda ng kagawaran ng edukasyon ayon sa patakaran sa ilalim ng bagong kurikulum (Acosta et al., 2017).

Ayon kay Badayos (2000), malaki ang pananagutan ng mga guro sa isang matagumpay na pagtuturo at pagkatuto ng wika. Dahil sa malaking pananagutang ito, ang guro ay nararapat na magtaglay ng mabubuting katangian at mag-angkin ng napakaraming kakayahan. Ayon pa sa pag-aaral ni Clemente-Reyes (na binanggit ni Fernandez et al., 2013), isa sa mga katangian ng isang epektibong guro ay dapat maging eksperto sa lahat ng saklaw ng pagtuturo gaya ng paksang-aralin, pamamahalang pangklasrum, pagtuturo at dayagnostiks na pagtuturo.

Sa pagtuturo, wala nang hihigit pa sa wika bilang kasangkapan. Hindi magiging matagumpay ang guro sa kanyang pagtuturo kung wala ang wika. Ito ang pinakamahalagang sandata na taglay ng isang guro. Mangyari, lahat ng guro ay dapat guro ng wika. (Canillo, 2013). Sa anumang antas ng pag-aaral, sa bahagi ng pagtuturo ay hindi maitatanggi ang katotohanang ang isang guro ay isa sa pinakamahalagang sangkap sa isang paaralan. Sa palad ng mga guro nakasalalay ang mga malilikhaing gawaing makatutulong at magsisilbing gabay ng mga mag-aaral. Ang antas ng alinmang paaralan ay nakasalalay sa pagganap ng mga guro sa pagtuturo ayon kay Transona Jr. ( binanggit ni Fernandez et al., 2013).

**Kaalaman sa Paksa**

Ang gurong may kahandaan sa kaniyang pagtuturo ay nararapat lamang na may sapat na kaalaman sa kaniyang ituturong asignatura. Kinakailangan na alam niya ang paksang tinuturo at mayroong kasanayan sa pagtuturo ng paksa.

Kinakailangan na ang gurong magtuturo ng wika ay may kasanayan sa paggamit nito sa pagsasalita at sapat na kaalaman sa wika. Ayon kina Paz, Hernandez, at Peneyra (2003), ang wika ay tulay na ginagamit para maipahayag at mangyari ang anumang minimithi o pangangailangan natin. Ito ay behikulo ng ating ekspresyon at komunikasyon na epektibong nagagamit. Ginagamit ng tao ang wika sa kanyang pag-iisip, pakikipag-ugnayan, at pakikipag-usap sa ibang tao; at maging sa pakikipag-usap sa sarili. Kung kayat ang guro ng wika ay kinakailangan na bihasa sa paggamit ng wika sa pagtuturo.

Bukod sa mga nabanggit, ang guro ay kinakailangan din na may sapat na kaalaman sa iba't ibang barayti ng wika. Walang buhay na wika ang maituturing na homogenous sapagkat ang bawat wika ay binubuo nang mahigit sa isang barayti. Masasabi lang kasing "homogenous" ang wika kung pare-parehong magsalita ang lahat ng gumagamit ng isang wika (Paz, et. Al., 2003). Subalit hindi ganito ang wika sapagkat nagkakaroon ito ng pagkakaiba-iba sanhi ng iba't ibang salik panlipunan tulad ng edad, hanapbuhay o trabaho, antas ng pinag-aralan, kasarian, kalagayang panlipunan, rehiyon o lugar, pangkat-etniko o tinatawag ding etnolingguwistikong komunidad kung saan tayo'y nabibilang, at iba pa.

Ipinakikita ng iba't ibang salik panlipunang ito ang pagiging heterogenous ng wika. Ang iba't ibang salik na ito ay nagreresulta sa pagkakaroon ng iba't ibang barayti ng wika, kailangan na ang guro ng wika ay alam ang iba't ibang barayti ng wika, dahil makakaapekto ito sa pagkaunawa ng mga mag-aaral sa paksa tulad ng dayalek, idyolek, sosyolek, etnolek, register, pidgin at creole. (Dayag, et. al., 2017).

Isa sa pinakamahalagang paksa na itinuturo ng isang guro sa wika ay ang pagsulat, ang pagbuo ng sulating pananaliksik ay nararapat na nalalaman ng guro at maituro ito ng mabuti sa mga mag-aaral. Ayon kina Dayag at Del Rosario (2017), ang unang hakbang sa pagbuo ng sulating pananaliksik ay ang masusing pag-unawa sa paksa at mga kaugnay na gawaing ibibigay ng guro. Maiiwasang masayang ang oras at panahon ng isang mag-aaral kung malinaw sa kanya ang nais ipagawa ng guro at layunin para sa gawain, kinakailangan din ang malinaw na pagbibigay ng instruksyon ng guro sa mga mag-aaral.

Ang pakikinig ay isang mahalagang paksa na kailangang ituro ng guro para sa isang mabisang pakikipag komunikasyon. Ayon kina Wolvin at Coakley (1997), ang pakikinig ay isang kompleks na proseso na ginagawa ng ating isipan na lapatan ng pagpapakahulugan ang anumang pagsasalitang napakinggan. Ang proseso sa pakikinig ay may tatlong bahagi; pagtanggap, paglilimi o pagbibigay-tuon at pagpapakahulugan. Ang pakikinig ay may kakayahang matukoy at maunawaan kung ano ang sinasabi ng ating kausap (Yagang, 1993).

Nakapaloob sa kasanayang ito ang pag-uunawa sa diin at bigkas, balarila at talasalitaan at pagpapakahulugang nais iparating ng tagapagsalita (Howatt at Dakin: 1974, binanggit kay Yagang). Ang mahusay na tagapakinig ay may kakayahang isagawa ang apat na ito nang sabay-sabay.

ISSN 2320-9186

**Kakayahan sa Paggamit ng Wikang Filipino**

Ang guro na magtuturo ng Filipino ay nararapat na magtaglay ng katatasan sa paggamit ng wika, sapagkat nakasalalay ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa kanyang sinasabi at itinuturo. Hindi maikakailang may kakulangan sa sapat na kaalaman sa wika ang mga mag-aaral, sa paraan ng kanilang pagbasa, pagbigkas at pagbaybay kaya kinakailangan na ang guro ay matatas sa wika. Ayon kay Paglinawan (2018), nabubuhay ang guro ng wika, para magturo ng wika. Kahit na paulit-ulit lamang ang wikang kanyang itinuturo, nananatiling bago at kawili-wili dahil sa iba't ibang sahog (*ingredients*) ang inihahalo ng guro sa araw-araw ng kanyang pagtuturo, kung kaya't hindi nakasasawa.

Huwag nating hayaang "masuka" ang mga estudyante sa mga nakababagot na lektyur, bagkus, gumamit tayo ng iba't ibang kasiya-siyang gawain gaya ng kwento, pagsasadula o role plays brainstorming, maliliit na pangkatang talakayan, demonstrations, debate, at mga larong pangwika o language games. Marami nang pag-aaral na isinagawa tungkol sa paggamit ng mga laro bilang mabisang estratehiya sa pagtuturo. Lahat sila'y nagkakaisa na mas maraming kabutihan ang ibinibigay nito kaysa sa di mabubuti. Nagdudulot ito ng mga kabutihang pampisikal, intelektwal, emosyunal, at sosyal.

Sa pag-aaral ni Zafra (2016), sa pagtuturo ng wika sa hayskul, may diin sa pagtuturo ng mga kasanayang pangwika lalo na sa pagsasalita. Kahit sa mga klase ng pagbasa, nauuwi pa rin ang pamamaraan ng pagtuturo sa pagsasanay sa pagsasalita tulad ng pagwawasto ng pagbigkas, pagbabasa nang malakas, at pagpapaulit. Kaya naman nararapat lamang na ang guro ay may sapat na kaalaman sa paksa at pagsasalita sa pagtuturo ng Filipino.

Ang simula ng lahat ng pagsisikap sa pagtuturo ng Filipino sa ating mga paaralan ay ang pag-unawa sa kalikasan at pagkakaiba-iba ng mga bata sa paaralan, pati na ang pagkakaroon ng kaalaman at lubusang pang-unawa kung paano natutuhan ang wika, una o pangalawang wika man, at ang mga proseso sa pagkatuto nito. Ang pagtuturo ng wika ay hindi basta nagaganap sa pamamagitan ng pagbibigay ng maraming karanasang pangwika sa loob ng klasrum. Kailangan ng guro ng tanging kasanayan at intwisyon na kaiba kung mga may edad na mga mag-aaral ang tuturuan niya. Ang limang kategorya na may kinalaman sa paglaki at pag-unlad ng mga mag-aaral na maaring makatulong sa guro sa pagpili ng mga praktikal na teknik at istratehiya sa pagtuturo ng wika. Intelektwal na Pag-unlad, Tagal ng Pagkawili (*Attention Span*), Pakilusin

ang iba’t ibang Pandamdam (*Sensory Input*), Mga Salik na Apektib (*Affective Factors*) at Awtentiko, Makabuluhang Wika. ( Ruedas at Abad, 2001).

Sa mga klase ng Filipino sa hayskul, karaniwang nakatampok sa pagtuturo ng wika ang dalawang larang: wika at gramatika o balarila, at wika at komunikasyon. Sa wika at gramatika, karaniwang nagiging layunin ng pagtuturo ang ipaliwanag ang katangian ng iba’t ibang bahagi ng wika at ang mga tuntunin sa paggamit nito. Tinatalakay dito ang alpabeto, mga tunog, pagbubuo ng salita, pagbubuo ng pangungusap, at pagpapakahulugan. Sa wika at komunikasyon naman, karaniwang layunin ng pagtuturo ang ipaliwanag ang mabisang paggamit ng wika para sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao, pasalita at pasulat. Madalas na lumilikha sa loob ng klasrum ng iba’t ibang komunikatibong sitwasyon para mahasa ang estudyante sa mabisang pakikipag-ugnayan gamit ang wika (Zafra, 2016). Ang kahandaan sa pedagohiya, nilalaman at wika ay mga pangunahing sangkap sa pagtuturo.

Wika ang pamamaraan upang maipahayag ang saloobin at kaalaman at kapag kapos ang guro nito, may epekto ito sa pagkatuto ng mga bata ayon kay Ornstein (binanggit ni Canillo, 2013). Hindi maitatangging makabuluhan ang wika sa pagtuturo. Wika ang kasangkapan ng guro sa pagpukaw ng interes at atensyon ng mag-aaral. Ang masining na paggamit ng wika sa lahat ng sitwasyon at pagkakataon ang nakapagpapabilis at nakapagpapabisa ng pagtuturo (Ibrahim, 2005).

Ayon naman kay Bacanto (binanggit sa pag-aaral ni Canillo, 2013), na hindi makakapagbigay ng malinaw na paliwanag ang isang guro sa isang ideyang hindi niya alam. Dapat na magkaroon ng masteri o kahusayan ang isang guro sa pagpapahayag ng kanyang karunungan. Ang paggamit ng wikang Filipino bilang wikang panturo ay may malaking maitutulong sa kaunlaran at sa pang-akademikong gawain ng mga mag-aaral.

**Kaugnay na Suliranin sa Pagtuturo**

Ang Kurikulum 2013, ay nasubok sa ilang elementarya at sekondarya, at nagpapakita ito na ang kurikulum sa taong 2013 ay may alinlangan sa pagpapatupad sa iba’t ibang rehiyon. Ang karamihan sa mga guro ay hindi handa, ang hindi pagiging handa ng mga guro ay hindi lamang kaugnay ng kakayahan, subalit may kaugnayan sa kaniyang suliranin sa pagiging malikhain. Ito ay isang dahilan ng mabagal na pagbabalangkas upang sosyalisahin ang kurikulum sa gobyerno.

© GSJ

Sa opinyong mula sa mga guro, ang kahandaan ng guro sa implementasyon ng kurikulum 2013 ay madalian at may kakulangan sa pagrerebisa.

Makikita ito sa maiksing panahon ng mga pagsasanay sa mga guro sa panahon ng pagpapatupad (Susilo et al, 2018).

Ang pagpapakilala ng makabagong pamamaraan sa pagtuturo ay kinakailangan upang magustuhan ito ng mga makabagong mag-aaral. Ang resulta ng kahandaan ng mga guro sa makabagong pamamaraan ay nagawa ng mga guro pagkatapos ng pagpapakita ng maunlad na kasanayan sa pagtuturo ng iba't ibang asignatura. Subalit ang mga guro ay hindi handa na gamitin ang makabagong pamamaraan, kung hindi maibibigay ang mga makabagong kagamitang pampagtuturo. Sa kadahilanang ito binibigyang tuon ng kagawaran ng edukasyon at mga institusyon ng panuruan na paigtingin ang suporta sa makabagong kagamitan at pamamaraan sa pagtuturo (Wang, et al, 2017).

Sa resulta ng isinagawang pag-aaral nina Husin, et al. (2017), ang lebel ng kahandaan ng mga guro ng kasaysayan sa ibang anggulo na napapaloob ang konseptwal na kaalaman, saloobin, kasanayan at ang lebel ng paggamit ng *I-think thinking map* sa buo at mataas na lebel. Ang mataas na lebel ng kahandaan ay mahalaga na matiyak ang epektibong pagtuturo sa proseso ng pagkatuto ng asignaturang kasaysayan ng mga mag-aaral. Sa aspeto ng ispesiyalisasyon ng guro at ang mga kursong natapos ay mahalagang aspeto na nakakaapekto sa lebel ng kahandaan ng mga guro sa kasaysayan. Ang aspeto ng karanasan ng guro sa pagtuturo ay nakakaapekto lamang sa kahandaan ng saloobin, gamit ng kasanayan at antas ng paggamit lamang. Gayunpaman, lantad pa rin ang suliranin sa kung paano magkakaroon ng pangmatagalang pagkakatuto ang mga mag-aaral. Sa isang artikulo na naisulat ng Newsletter, Dep.Ed, 2008 sa pag-aaral ni (Canillo, 2013), ang bumababang antas ng pagkatuto ng mga mag-aaral lalung-lalo na sa Pilipinas ay lalong lumaganap dahil sa kawalan ng kasanayan ng mga guro't mag-aaral sa wikang ginagamit sa mga paaralan.

Sa resulta ng isinagawang pag-aaral nina Williams, et al. (2001), ang mga programang ibinibigay ng kagawaran ng edukasyon ay nakakaapekto sa kahandaang pangguro at sa mga mag-aaral na magtatapos sa kursong edukasyon. Ayon sa resulta ng pag-aaral sa persepsiyon ng mga mag-aaral na guro, ang kanilang kasapatan ng kahandaan ng kaalaman sa pagkakaiba-iba ng kultura ng mga mag-aaral at iba't ibang etnikong kinabibilangan ng bawat isa at ang pagpapaplano ng mga aktibidad upang maunawaan ang kultura at kaibahan ng mga mag-aaral at

maging sensitibo sa mga pangangailangan at abilidad ng mag-aaral na dahil sa kanilang kulturang kinabibilangan.

Ayon sa pamantayan, 28% na may kasapatan sa kahandaan, at ang 34% naman ay may kahandaan. Tungkol sa kaalaman sa pagkakaiba-iba ng bawat indibidwal ayon sa pag-unlad ng bawat mag-aaral at pagtasa sa kalakasan at kahinaan ng mga ito, 33% ng mga mag-aaral na guro ay handang-handa, at 43% naman ay may kahandaan. Sa tanong ukol sa pag-alam ng pangkalahatang pangangailangan ng mga katangi-tanging mag-aaral at nakapagbibigay ng edukasyon na magbibigay daan upang mapaunlad ang pisikal, mental at emosyonal, 38% ang handang-handa, 30% ang may kahandaan at 22% ang hindi gaanong handa.

**Paglalahad ng Suliranin**

Layunin ng pag-aaral na masukat ang kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa sekondarya, dibisyon ng Maguindanao II kagawaran ng edukasyon-*Autonomous Region in Muslim Mindanao(ARMM)*.

Nilalayong masagot ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang profayl ng mga guro na nagtuturo ng Filipino?
2. Ano ang kahandaan ng isang guro na nagtuturo ng Filipino sa mga paaralan ng sekondarya sa dibisyon ng Maguindanao II batay sa mga sumusunod na kahusayang at kasanayang pampropesyunal: (a) Kaalaman sa paksa; (b) Paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo; (c) Pamamaraan sa pagtuturo; (d) Kakayahan sa paggamit ng wika?
3. Anu-ano ang mga suliranin na kinakaharap ng mga guro na nagtuturo ng Filipino?
4. May kaugnayan ba ang profayl sa kaalaman sa paksa, paggamit ng mga kagamitan pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika?

**METODOLOHIYA**

Ang kabanatang ito ay nagtatampok ng mga mahahalagang deskripsyon ng disenyo ng pag-aaral, locale ng pag-aaral, mga respondente ng pag-aaral, instrumento ng pananaliksik, pamamaraan ng paglikom ng mga datos, sukat ng pag-aaral.

**Disenyo ng Pananaliksik**

© GSJ

Sa bahaging ito ng pag-aaral ay inilahad ang mga pamamaraan na ginamit ng mananaliksik sa paglikom ng mga datos sa isinagawang pag-aaral tungkol sa kahandaan ng mga guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya dibisyon ng Maguindanao II kagawaran ng edukasyon. Ang mananaliksik ay gumamit ng *quantitative at qualitative* na disenyo. Ginamit ang *quantitative* upang masukat ang resulta ng pag-aaral sa pamamagitan ng pagkalap ng mga impormasyon sa mga piling respondente gamit ang talatanungang papel. Ang mga datos na nakalap ay ayon sa mga pananaw ng mga guro sa kanilang kahandaan sa pagtuturo. Samantalang ang *qualitative* ay ginamit ng mananaliksik at ng punong-guro sa pagkalap ng mga impormasyon na nagmula sa resulta ng obserbasyon, gamit ang kaparehong talatanungan tungkol sa kahandaan ng mga guro sa kanilang pagtuturo.

**Locale ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral ay isinagawa sa mga piling paaralan ng sekondarya sa dibisyon ng Maguindanao II kagawaran ng edukasyon sa *Autonomous Region in Muslim Mindanao* (ARMM). Itinatampok ang iba't ibang distrito sa Maguindanao ang mga ito ay ang sumusunod: Datu Odin Sinsuat, Kabuntalan South, Sultan Mastura, Sultan Kudarat at Parang. Ang mga nabanggit na distrito ay ang kinaroroonan ng labing-isang (11) piling paaralan sa sekondarya kung saan nakalap ang mga datos sa pag-aaral.

**Mga Respondente sa Pag-aaral**

Ang mga respondente ng pag-aaral ay ang mga gurong nagtuturo ng asignaturang Filipino sa mga piling paaralang sekondarya sa dibisyon ng Maguindanao II, ito ay kinabibilangan ng mga guro sa *Junior* at *Senior High School*. Ang mananaliksik ay nagsagawa ng *sampling* sa tatlumput-anim (37) na mga paaralang sekondarya sa Maguindanao II.

Ang pagpili ng mga respondente ng pag-aaral ay ayon sa laki ng populasyon ng mga mag-aaral sa mga paaralan. Ang mga paaralan na may limangdaan (500) pataas na bilang ng mga mag-aaral ay ang labing-isang (11) piling paaralan na tinuturuan ng mga gurong respondente ng pag-aaral. Isa pang dahilan ng pagsagawa ng *sampling* sa mga respondente, sapagkat hindi maikukubli na ang ilan sa mga lugar na kinaroroonan ng mga paaralan sa Maguindanao II ay may ilang problema sa seguridad. Mayroong limamput pitong (57) guro ang sumagot sa talatanungan at dalawamput-walong (28) guro ang sabay na naobserbahan ng

mananaliksik at puno-guro sa kanilang pagtuturo bilang bahagi ng pagkalap ng mga datos na kailangan sa pag-aaral.

**Instrumentong Ginamit**

Gumamit ang mananaliksik ng talatanungan sa pagkalap ng datos ukol sa profayl at kahandaan sa kahusayan at kasanayang pampropesyunal at mga suliranin ng guro. Ang unang bahagi ng talatanungan ay sinagot sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (√) sa mga napiling kasagutan at pagsulat ng mga impormasyong hinihingi. Sa ikalawa at ikatlong bahagi naman ay sinagutan ng respondente sa pamamagitan ng pagbibilog sa mga napiling kasagutan sa nakalaang patlang. Ang ginamit ng mananaliksik at ng punong-guro sa isinagawang obserbasyon sa mga guro, ay ang kaparehong talatanungan sa kahandaan ng guro sa pagtuturo ng Filipino. Ito ay sinagot ng mananaliksik at punong-guro sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (√) sa nakalaang patlang sa talahanayan na may pagpipiliang sagot na Oo o Hindi at pagsulat ng mga puna sa pagtuturo ng guro.

© GSJ

**Paglikom ng Datos**

Ang mananaliksik ay nagbigay ng liham sa punong-tagapamanihala ng dibisyon ng Maguindanao II na nagsasaad ng paghingi ng pahintulot sa isinagawang pag-aaral sa mga piling paaralan sa sekondarya. Ang mananaliksik ay nangalap ng datos sa mga napiling paaralan sa sekondarya ng dibisyon ng Maguindanao II dala ang liham ng awtorisasyon na ibinigay sa punong-guro ng mga paaralan. Ipinaliwanag ang layunin ng pag-aaral sa punong-guro, tagapagpatupad at sa mga guro na nagtuturo ng asignaturang Filipino.

Pinasagutan sa limamput pitong (57) respondente ang talatanungan at kinulekta para sa gawaing istatistikal. Nagsagawa ng obserbasyon ang mananaliksik at ang punong-guro sa dalawamput-walong (28) guro sa mga napiling paaralan sa pagtuturo ng mga guro sa loob ng silid-aralan na nagtuturo ng Filipino, gamit ang parehong talatanungan na ipinasagot sa mga respondente ng pag-aaral.

**Pagsukat**

Ang mananaliksik ay gumamit ng palarawang istatistika. Ang profayl ng mga guro sa unang bahagi ng talatanungan ay ginamitan ang *frequency* at *percentage.* Sa ikalawang bahagi

ISSN 2320-9186

naman ng talatanungan ay ginamit ang *mean* at *standard deviation* upang makuha ang deskripsyon ng kahandaang pampropesyunal ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino. Sa ikatlong bahagi ng talatanungan ay ginamit ang *mean* at *standard deviation,* upang makuha ang deskripsyon ng mga suliraning kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino. *Pearson product correlation* ang ginamit, upang makita ang kaugnayan ng profayl at kahandaan sa kasanayan at kahusayang pampropesyunal ng mga guro na nagtuturo ng Filipino. Gumamit ng *frequency at percentage* sa pagsukat ng isinagawang obserbasyon ng mananaliksik at punong-guro upang makuha ang kahandaan ng guro sa pagtuturo ng Filipino. Ang bilang ng mga sagot sa kahandaan ng guro sa pagtuturo ng Filipino ay sinukat sa pamamagitan ng mga sumusunod na antas at deskripsyon:

Para sa kahandaan sa pagtuturo sa pagtuturo sa kaalaman sa paksa, ang antas at deskripsyon ang ginamit:

© GSJ

**Para sa kahandaan sa kaalaman sa paksa:**

| Antas ng kahandaan | Deskripsyon |
|---|---|
| 5 | Handang-handa **(Hha)** |
| 4 | Handa **( H )** |
| 3 | Di-gaanong handa **( Dgh )** |
| 2 | Hindi-handa **( Hhi )** |
| 1 | Walang Kahandaan **( Wk )** |

**Para sa kahandaan sa kagamitang pampagtuturo:**

**Para sa kahandaan sa pamamaraan sa pagtuturo:**

| Antas ng kahandaan | Deskripsyon |
|---|---|
| 5 | Handang-handa **(Hha)** |
| 4 | Handa **( H )** |
| 3 | Di-gaanong handa **( Dgh )** |
| 2 | Hindi-handa **( Hhi )** |
| 1 | Walang Kahandaan **( Wk )** |

| Antas ng kahandaan | Deskripsyon |
|---|---|
| 5 | Handang-handa **(Hha)** |
| 4 | Handa **( H )** |
| 3 | Di-gaanong handa **( Dgh )** |
| 2 | Hindi-handa **( Hhi )** |
| 1 | Walang Kahandaan **( Wk )** |

**Para sa kahandaan sa kakayahan sa paggamit ng wika:**

| Antas ng kahandaan | Deskripsyon |
|---|---|
| 5 | Handang-handa **(Hha)** |
| 4 | Handa **( H )** |
| 3 | Di-gaanong handa **( Dgh )** |
| 2 | Hindi-handa **( Hhi )** |
| 1 | Walang Kahandaan **( Wk )** |

© GSJ

**Kahandaan ng mga guro**

| Scale | Range of Mean | Description |
|---|---|---|
| 5 | 4.50 - 5.00 | Handang-handa (Hha) |
| 4 | 3.50 - 4.49 | Handa (H) |
| 3 | 2.50 - 3.49 | Di-gaanong handa (Dgh) |
| 2 | 1.50 - 2.49 | Hindi handa (Hhi) |
| 1 | 1.00 - 1.49 | Walang kahandaan (WK) |

Ang bilang ng mga sagot sa suliranin ng guro sa pagtuturo ng Filipino ay sinukat sa pamamagitan ng mga sumusunod na antas at deskripsyon:

**Para sa suliranin sa pagtuturo:**

ISSN 2320-9186

| Antas ng kahandaan | Deskripsyon |
|---|---|
| 5 | Walang Suliranin **( WS )** |
| 4 | Hindi Gaanong Suliranin **( HGS )** |
| 3 | Kaunting Suliranin **( KS )** |
| 2 | Di- gaanong malaking Suliranin **( DgmS )** |
| 1 | Malaking Suliranin **( MS )** |

**Suliranin sa Pagtuturo**

| Scale | Range of Mean | Description |
|---|---|---|
| 5 | 4.50 - 5.00 | Walang Suliranin (WS) |
| 4 | 3.50 - 4.49 | Hindi Gaanong Suliranin (HGS) |
| 3 | 2.50 - 3.49 | Kaunting Suliranin (KS) |
| 2 | 1.50 - 2.49 | Di-gaanong malaking Suliranin (DgmS) |
| 1 | 1.00 - 1.49 | Malaking Suliranin (MS) |

**Obserbasyon ng Mananaliksik at Punong-guro sa Kahandaan sa Pagtuturo ng Guro**

Sinukat ang bilang ng mga sagot sa kahandaan ng guro sa pagtuturo ng Filipino sa ginawang obserbasyon ng mananaliksik at punong-guro, sa pamamagitan ng pagsagot ng OO at Hindi at puna sa pagtuturo ng guro. Ito ay sinagotan sa pamamagitan ng paglalagay ng tsek (√) sa napiling sagot. Sinulat sa nakalaang bahagi ng talahanayan ang puna ng mananaliksik at punong-guro sa ginawang obserbasyon sa pagtuturo ng guro. Ang sagot sa obserbasyon na OO ay nangangahulugan na handang-handa (Hha) na may antas na 5 at *range* 4.50-5.00, handa (H) sa antas 4 na ang *range* ay 3.50-4.49 at Di-gaanong handa (Dgh) sa antas na 3 at *range* 2.50-3.49, samantalang ang sagot na Hindi ay may kahulugan na hindi handa (Hhi) at may antas na 2 sa *range* na 1.50-2.49 at walang kahandaan (WK) sa antas na 1 na may *range* 1.00-1.49.

| Kahandaan sa pagtuturo | OO | Hindi | Puna (*Remarks*) |
|---|---|---|---|
| 1. Kaalaman sa paksa | | | |
| 2. Kagamitang pampagtuturo | | | |

GSJ© 2023
www.globalscientificjournal.com

| | | | |
|---|---|---|---|
| 3. Pamamaraan sa pagtuturo | | | |
| 4. Kakayahan sa paggamit ng wika | | | |

## RESULTA

Sa kabanatang ito inilalahad ang kinalabasan ng pag-aaral sa kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya. Nahahati ito sa apat (4) na bahagi tulad ng a) profayl ng mga guro, b) kahandaan ng guro sa pagtuturo ng Filipino ayon sa kahusayan at kasanayang pampropesyunal, c) mga suliranin na kinakaharap ng mga guro na nagtuturo ng Filipino, d) ugnayan ng profayl ng mga respondente sa pagtuturo ng Filipino sa kahusayang at kasanayang pampropesyunal.

### Profayl ng mga Respondente

Ang profayl ng mga respondente ay matutunghayan sa Talahanayan 1. Ang mga respondente sa pag-aaral ay binubuo ng limamput-pitong (57) mga guro. Mayroong labing-isang (11) paaralan ang nagbigay pahintulot na maging respondente sa pag-aaral. Makikita na labinlimang (15) mga guro ay may edad na 20-29 taong gulang at may katumbas na 26.3%. Ang dalawamput-siyam (29) naman ay may edad na 30-39 at ito ay 50.9%, ang labintatlo (13) ay may edad 40 pataas at may katumbas na 22.8%. Malaking bilang ng mga respondente ang may edad na 30-39 na nagtuturo ng Filipino.

Makikita ang bilang ng kasarian na labing-isa (11) sa mga guro ay lalaki o 19.3% at ang apatnaput-anim (46) ay babae na 80.7%. Mas marami ang mga respondenteng babae na nagtuturo ng Filipino. Batay naman sa antas ng edukasyon, isa (1) sa mga respondente ang may yunit sa doktoral na may katumbas na 1.8%. Ang M.A gradwado ay sampu (10) na 17.5%, at ang M.A na may yunit ay labing-anim (16) na katumbas ay 28.1%, M.A ng edukasyon medyor sa Filipino ay tatlo (3) katumbas ng 5.3%, ang BSEd ay dalawamput-anim (26) at ito ay 45.6%, sa iba pang kurso ay mayroong isa (1) at may katumbas na 1.8%, nakita na mas marami ang may antas ng edukasyon na nakapagtapos ng apat na taon sa kolehiyo o BSEd na ang karamihan ay di-medyor sa Filipino.

Sa larangan ng espesyalisasyon/medyor, ang labintatlong (13) medyor sa Filipino ay 22.8% ang di-medyor sa Filipino ay apatnaput-apat (44) at may katumbas na 77.2%. Mas marami ang mga guro na di-medyor sa Filipino na nagtuturo ng Filipino. Sa bilang ng taon sa pagtuturo, ang dalawamput-apat (24) ay 1-5 taon pa lamang sa pagtuturo na 42.1%, labintatlo (13) ay 6-10 taon at may katumbas na 22.8%, ang anim (6) ay 11-15 taon na 10.5%, ang lima (5) sa mga respondente ay 16-20 taon at ang katumbas ay 8.8% ang lima (5) ay 21-25 taon sa pagtuturo at 8.8%, ang dalawa (2) ay 26-30 taon sa pagtuturo at may katumbas na 3.5%, ang dalawa (2) ay 31-35 pataas na taon sa pagtuturo at katumbas ng 3.5%. Mas marami ang mga gurong nagtuturo ng Filipino na 1-5 taon batay sa resulta na nagmula sa mga sagot ng respondente sa pag-aaral.

Sa *eligibility* ng mga respondente, makikita na apatnaput-dalawa (42) ang may *eligibility* ng LET na may katumbas na 73.7%, anim (6) ay PBET at katumbas ng 10.5%, ang isa (1) ay magna carta na 1.8% ang walo (8) ay walang *eligibility* at katumbas ng 14.0%. Mas marami ang may *eligibility* ng LET. Sa katayuan sa pagtuturo, apatnaput-anim (46) ay regular na katumbas ay 80.7% ang dalawa (2) ay probisyonal na 3.5%, ang siyam (9) ay boluntaryo na katumbas ng 15.8%, mas marami ang regular ang katayuan sa pagtuturo.

© GSJ

Talahanayan 1

*Profayl ng mga Respondente*

| Paaralan | f | % |
|---|---|---|
| Amir Bara Lidasan NHS | 4 | 7.0 |
| Bai Hanina Sinsuat NHS | 6 | 10.5 |
| Camp Siongco NHS | 5 | 8.8 |
| Datu Arnel Datukon NHS | 5 | 8.8 |
| Dulangan NHS | 2 | 3.5 |
| kabuntalan NHS | 7 | 12.3 |
| Parang NHS | 7 | 12.3 |
| Ruth Manion Babao Memorial NHS | 5 | 8.8 |
| Sarilikha NHS | 3 | 5.3 |
| Sultan Kudarat NHS | 3 | 5.3 |
| Sultan Mastura NHS | 10 | 17.5 |
| Total | 57 | 100.0 |
| Edad | f | % |

ISSN 2320-9186

| | | |
|---|---|---|
| 20 - 29 | 15 | 26.3 |
| 30 - 39 | 29 | 50.9 |
| 40 - pataas | 13 | 22.8 |
| Total | 57 | 100.0 |
| Kasarian | f | % |
| Lalaki | 11 | 19.3 |
| Babae | 46 | 80.7 |
| Total | 57 | 100.0 |
| Antas ng Edukasyon | f | % |
| May Yunit sa Doktoral | 1 | 1.8 |
| M.A. Gradwado | 10 | 17.5 |
| Yunit sa M.A | 16 | 28.1 |
| M.A. ng Edukasyon Medyor ng Filipino | 3 | 5.3 |
| BSEd | 26 | 45.6 |
| Iba pang Kurso at Larangan | 1 | 1.8 |
| Total | 57 | 100.0 |
| Larangan ng Espesyalisasyon | f | % |
| Medyor sa Filipino | 13 | 22.8 |
| Di-medyor sa Filipino | 44 | 77.2 |
| Total | 57 | 100.0 |

© GSJ

Talahanayan 1 ( *karugtong*)

| Bilang ng Taon sa Pagtuturo | f | % |
|---|---|---|
| 1 -5 | 24 | 42.1 |
| 6 - 10 | 13 | 22.8 |
| 11 - 15 | 6 | 10.5 |
| 16 - 20 at 21-25 | 10 | 17.6 |
| 26 - 30 at 31-35 pataas | 4 | 7 |
| Total | 57 | 100.0 |

| *Eligibility* | f | % |
|---|---|---|
| LET | 42 | 73.7 |
| PBET | 6 | 10.5 |
| Magna Carta | 1 | 1.8 |
| Wala | 8 | 14.0 |
| Total | 57 | 100.0 |
| Katayuan sa Pagtuturo | f | % |
| Regular | 46 | 80.7 |
| Probisyonal | 2 | 3.5 |
| Boluntaryo | 9 | 15.8 |
| Total | 57 | 100.0 |

**Pagsukat sa Kahandaan sa kahusayan at kasanayang Pampropesyunal ng mga Guro**

Ang kahandaan ng mga guro sa kaalaman sa paksa, paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika ay sinukat batay sa sariling pananaw ng guro sa kanilang kahandaan sa pagtuturo. Gumamit ng pamamaraang istatistika sa pagsukat ng datos. Ang mga ito ay may scale na 5 na may range mean na 4.50-5.00 at ang deskripsiyon ay Handang-handa (Hha), sinusundan ng scale na 4 na may range mean ng 3.50-4.49 ang deskripsiyon ay Handa (H), ang pangatlo ay may scale na 3 at range mean na 2.50-3.49 ang deskripsiyon ay Di-gaanong handa (Dgh), ang scale na 2 ay may range mean na 1.50-2.49 at ang deskripsiyon ay Hindi handa (Hhi), at ang huli ay may scale na 1 na may range mean na 1.00-1.49 ang deskripsiyon ay Walang kahandaan (WK).

**Kahandaan ng mga Guro sa Kaalaman sa Paksa**

Ipinapakita ng Talahanayan 2 ang kahandaan ng guro sa kaalaman sa paksa. Makikita na sa labindalawang (12) aytem, tatlo (3) sa mga aytem ay sinagutan ng mga respondente ng Handang-handa (Hha). Ang aytem 10 ang may katumbas na mean na 4.61 ito ay nagsasabing handang-handa at naituturo ng guro ang tamang pagbasa sa mga mag-aaral. Pumapangalawa sa may kahandaan ang aytem 4 na may mean na 4.60 ito ay nagpapatunay na natuturuan ng mga guro ang mga mag-aaral ng pagbaybay nang may sapat na kaalaman bilang paksa. Pangatlo ay ang aytem 11 na ang mean ay 4.54 ito ay nagpapatunay na naituturo ng guro sa mga mag-aaral ang tamang pakikinig bilang paksa. Ang may pinakamababang mean na 4.09 ay ang aytem 12,

ISSN 2320-9186

lumalabas sa pag-aaral na hindi gaanong naituturo ng guro ang tamang pagsulat ng sulating pananaliksik sa mga mag-aaral. Gayon paman ang kabuuang mean na 4.35 na may deskripsiyon na Handa (H) ay nangangahulugan na ang mga guro ay handa sa kanilang pagtuturo.

Talahanayan 2

*Kahandaan ng mga Guro sa Kaalaman sa Paksa*

| | Aytem | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Natatalakay ko ang wika nang may sapat na kaalaman bilang paksa sa talakayan. | 4.37 | .555 | H |
| 2. | Nakapagtuturo ako ng balarila nang may buong kaalaman bilang paksa. | 4.30 | .680 | H |
| 3. | Natatalakay ko ang Panitikan nang may sapat na kaalaman sa aking pagtuturo bilang paksa. | 4.28 | .648 | H |
| 4. | Natuturuan ko ang mga mag-aaral ng pagbaybay ng may sapat na kaalaman bilang paksa. | 4.60 | .530 | Hha |
| 5. | Natatalakay ko nang buong kaalaman ang kultura ng wika sa aking pagtuturo. | 4.16 | .621 | H |
| 6. | Naituturo ko ang Komunikasyon nang buong kaalaman sa aking pagtuturo. | 4.32 | .631 | H |
| 7. | Natatalakay ko ang mga barayti ng wika nang may sapat na kaalaman sa aking pagtuturo. | 4.19 | .581 | H |
| 8.. | Nakapagtuturo ako ng tamang gamit nang mga salita sa kumonikasyon at iba pang gamit sa wika ng may sapat na kaalaman. | 4.28 | .675 | H |

© GSJ

Talahanayan 2 ( *karugtong*)

| | Aytem | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|
| 9. | Naituturo ko ang tamang paraan ng pagsasalita ayon sa; pagbigkas ng malakas, pagbabasa ng malakas at pagpapaulit. | 4.42 | .625 | H |
| 10. | Naituturo ko ang tamang pagbasa sa mga mag-aaral. | 4.61 | .526 | Hha |
| 11. | Naituturo ko ang tamang pakikinig sa mga mag-aaral bilang paksa. | 4.54 | .537 | Hha |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 12. | Naituturo ko ang tamang pagsulat ng sulating pananaliksik sa mga mag-aaral. | 4.09 | .662 | H |
| Kabuuang Mean | | 4.35 | | H |

**Kahandaan ng Guro sa Paggamit ng Mga Kagamitang Pampagtuturo**

Inilalahad ng Talahanayan 3 ang kahandaan ng guro sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo na may sampung (10) aytem. Tatlo (3) sa mga aytem ay sinagot ng mga respondente ng Handang-handa (Hha), ang aytem 5 ay may pinakamataas na mean na 4.67 ito ay nagpapakita na handang-handa ang mga guro sa paggamit ng teksbuk bilang gabay sa pagtuturo. Pumapangalawa ang aytem 8 na may mean na 4.53 ito ay nagpapahiwatig na ang mga guro ay handang-handa sa paggamit ng gabay na kurikulum sa pagtuturo. Pangatlo ay ang aytem 9 na may mean na 4.53 na nagsasabing ang mga guro ay handang-handa sa paggamit ng modyul bilang gabay sa pagtuturo. May mababang mean ang dalawang (2) aytem na ang sagot ay Di-gaanong handa (Dgh), lumabas sa pag-aaral na ang mga guro ay di-gaanong gumagamit ng mga lumang kagamitan sa pagtuturo. Ang aytem 1 ay may mean na 3.14 at natuklasang ang mga guro ay di-gaanong gumagamit ng teyp rekorder, radyo sa pagtuturo, gayon din ang aytem 2 na may mean 3.49 ito ay nagsasabing di-gaanong gumagamit ang mga guro sa paggamit ng mga larawang gumagalaw at di-gumagalaw, telebisyon/pelikula sa pagtuturo ng Filipino. Bagamat hindi lahat ng resulta ay mataas ang kahandaan sa paggamit, makikita parin sa ginawang pagsukat ng resulta na ang kabuuang mean ay 4.03 at nangangahulugan na ang mga guro ay handa sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo.

Talahanayan 3

*Kahandaan ng Guro sa Paggamit ng Mga Kagamitang Pampagtuturo*

| | Aytem | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Gumagamit ako ng Teyp Rekorder, Radyo sa aking pagtuturo. | 3.14 | 1.008 | Dgh |
| 2. | Gumagamit ako ng mga larawang gumagalaw at di-gumagalaw, telebisyon/pelikula sa aking pagtuturo. | 3.49 | 1.002 | Dgh |
| 3. | Nagsasagawa ako ng eksibit, ekskursyon, Demonstrasyon sa pagtuturo. | 3.81 | .875 | H |
| 4. | Nagsasagawa ako ng mga worksyap sa mga mag-aaral sa aking pagtuturo. | 3.89 | .900 | H |
| 5. | Gumagamit ako ng teksbuk bilang gabay sa aking pagtuturo. | 4.67 | .664 | Hha |

ISSN 2320-9186

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| 6. | Gumagamit ako ng Chart sa pagtuturo. | 4.18 | .848 | H |
| 7. | Ginagamit ko ang laptop, projector at iba pang mga gamit pangteknolohiya sa pagtuturo. | 3.82 | 1.002 | H |
| 8. | Gumagamit ako ng Gabay na Kurikulum sa aking pagtuturo. | 4.53 | .710 | Hha |
| 9. | Gumagamit ako ng modyul bilang gabay ng mga mag-aaral sa aking pagtuturo. | 4.53 | .601 | Hha |
| 10. | Gumagamit ako ng mga awtentikong teksto sa pagtuturo. | 4.28 | .701 | H |
| Kabuuang Mean | | 4.03 | | H |

**Kahandaan ng Guro sa Pamamaraan sa Pagtuturo**

Makikita sa Talahanayan 4 ang kahandaan ng guro sa pamamaraan sa pagtuturo na may dalawamput-anim (26) na aytem. Ang aytem 6 ang may pinakamataas na mean na 4.51 ito ay nangangahulugan na ang mga guro ay handang-handa sa kasiya-siyang gawain tulad ng pagkukwento bilang pamamaraan sa pagtuturo. Sinusundan ito ng aytem 21 na ang mean ay 4.51 ito ay nagsasabing handang-handa ang guro sa pamamaraan sa pagtuturo na itinuturing ang personal na karanasan ng mga mag-aaral bilang mahahalagang input sa pagkatuto. Ang pangatlo ay ang aytem 22 na may mean 4.51 nagpapakita ito na handang-handa ang mga guro sa pamamaraang maiugnay ang mga pagkatuto sa loob ng klasrum sa mga gawaing pangwika sa labas ng klasrum. Una sa may pinakamababang kahandaan ay ang aytem 17 na may mean na 4.04 ito ay nagpapakita na handa ang mga guro sa pamamaraan ng paggamit ng mga makabagong kagamitang teknolohiya sa pagtuturo ng Filipino. Ang pangalawa ay ang aytem 18 na ang mean ay 4.05 ito ay ang pamamaraan na pagpapagamit sa mga mag-aaral ng mga makabagong kagamitan/teknolohiya sa paghahanda sa kanila sa patuloy na pagbabago ng panahon. Sa kabuuang mean na 4.29 at may deskripsiyon na Handa (H) at nangangahulugan na handa ang mga guro sa kanilang pamamaraan sa pagtuturo.

Talahanayan 4

*Kahandaan ng Guro sa Pamamaraan sa Pagtuturo*

| | Aytem | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Gumagamit ako ng pagtuturong nakapukos sa mag-aaral (*Learner- Centered Teaching*). | 4.39 | .648 | H |
| 2. | Nagagawa ko ang kooperatibong pagkatuto sa mga mag-aaral. | 4.42 | .625 | H |
| 3. | Nagagawa ko ang pagkatutong interaktibo (*Interactive Learning*) | 4.44 | .535 | H |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | sa mga mag-aaral. | | | |
| 4. | Nagagawa ko ang pagkatutong integratibo (*Integrative Learning*) sa mga mag-aaral. | 4.42 | .596 | H |
| 5. | Nagagamit ko ang A*ssertive Approach* o Dulog Asertibo sa Pamamahala at Pagdidisiplina. | 4.32 | .686 | H |
| 6. | Nagagamit ko ang kasiya-siyang gawain gaya ng kwento. | 4.51 | .658 | Hha |
| 7. | Nagagawa ko ang kasiya-siyang gawaing pagsasadula o role plays brainstorming. | 4.40 | .623 | H |
| 8. | Nagagawa ko ang gawaing debate. | 3.93 | .842 | H |
| 9. | Nagagawa ko ang mga larong pangwika o *language games.* | 3.81 | .766 | H |
| 10. | Gumagamit ako ng pamamaraang *grammar translation.* | 4.25 | .606 | H |
| 11. | Binibigyang-diin ang pagbasa at pagsulat upang malinang kahusayan sa pakikinig at pagsasalita. | 4.42 | .653 | H |
| 12. | Isinasaalang-alang ko ang kahandaan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng teksto. | 4.44 | .501 | H |
| 13. | Gumagamit ako ng target na wika sa pagkaklase. | 4.32 | .631 | H |
| 14. | Itinuturo ko ang pang-araw-araw na bokabularyo. | 4.14 | .718 | H |
| 15. | Nililinang ko ang kasanayang pagsasalita sa pamamagitan ng tanong-sagot na paraan. | 4.35 | .582 | H |
| 16. | Itinuturo ko ang mga bagong aralin sa pamamagitan ng pagmomodelo at pagsasanay. | 4.14 | .611 | H |
| 17. | Gumagamit ako ng mga makabagong kagamitan at teknolohiya sa pagtuturo ng mga paksa sa Filipino. | 4.04 | .731 | H |

Talahanayan 4 ( *karugtong*)

| | Aytem | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|
| 18. | Pinapagamit ko ang mga mag-aaral ng mga makabagong kagamitan at teknolohiya sa paghahanda sa kanila sa patuloy na pagbabago ng panahon. | 4.05 | .742 | H |
| 19. | Gumagamit ako ng Iba't Ibang babasahin na may kaugnayan sa paksa para sa mas malawak na kaalamang maibibigay nito. | 4.25 | .576 | H |
| 20. | Nagbibigay ako ng pagkakataon sa mag-aaral na bigyang pokus | 4.25 | .510 | H |

© GSJ

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | hindi lamang ang wikang pinag-aralan kundi pati na rin ang proseso sa pagkatuto nito. | | | |
| 21. | Itinuturing ko ang mga personal na karanasan ng mga mag-aaral bilang mahahalagang input sa pagkatuto. | 4.51 | .571 | Hha |
| 22. | Sinisikap ko na maiugnay ang mga pagkatuto sa loob ng klasrum sa mga gawaing pangwika sa labas ng klasrum. | 4.51 | .504 | Hha |
| 23. | Inaasahang kong magkakamali ang mga estudyante sa pagsisimula nilang magsalita; mga kamaliang global lamang ang iwawasto. | 4.32 | .659 | H |
| 24. | Nakapokus ako sa mga pangangailangan, tungkulin at istilo sa paggamit ng wika. | 4.19 | .639 | H |
| 25. | Nagbibigay ako ng ilang patnubay sa mga mag-aaral (halimbawa, pangkatang gawain o pagsasanay sa paggamit ng wika). | 4.37 | .555 | H |
| 26. | Hinihikayat ko rin ang sariling pagtataya upang mabatid ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unlad sa pagkatuto ng wika. | 4.47 | .601 | H |
| Kabuuang Mean | | 4.29 | | H |

**Kahandaan ng Guro sa Kakayahan sa Paggamit ng Wika**

Ipinapakita ng Talahanayan 5 ang kahandaan ng guro sa kakayahan sa paggamit ng wika na may labinlimang (15) aytem. Ang aytem 14 ang may pinakamataas na mean na 4.58 at nangangahulugan ito handang-handa at nagagamit ng guro ang wika sa pagpapaliwanag ng paksa. Pangalawa ay ang aytem 4 na may mean na 4.49 makikita na ang mga guro ay handa at nakabubuo ng mga pangungusap ayon sa sintaks ng wikang Filipino. Ang pangatlo ay ang aytem 2 at may mean na 4.46 ito ay nagsasabing ang mga guro ay handa at nakagagamit ng wikang Filipino na may wastong hinto, punto at pantig. Ang pinaka mababang kahandaan ay ang aytem 9 ang mean ay 4.07 ito ay nagpapakita na gumagamit ang mga guro ng awtentikong wika bilang input sa konteksto ng tunay na paggamit nito.

Sa kabila ng mababang kahandaan sa ilang mga aytem, lumabas sa resulta ng pag-aaral na ang kabuuang mean na 4.34 at may deskripsiyon na Handa (H) at nangangahulugang may kahandaan ang mga guro sa paggamit ng wika sa pagtuturo ng Filipino.

Talahanayan 5

*Kahandaan ng Guro sa Kakayahan sa Paggamit ng Wika*

| | Aytem | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Nakakapagsalita ng wikang Filipino na may wastong punto at paraan ng artikulasyon. | 4.32 | .659 | H |
| 2. | Nakagagamit ng wikang Filipino na may wastong hinto, punto at pantig. | 4.46 | .600 | H |
| 3. | Nakapagsasalita ng ayon sa wastong himig at indayog ng wikang Filipino. | 4.25 | .635 | H |
| 4. | Nakabubuo ng mga pangungusap ayon sa sintaks ng wikang Filipino. | 4.49 | .601 | H |
| 5. | Nakapagpapahayag ng matatas sa mga karaniwan at akademikong konsepto gamit ng wikang Filipino. | 4.28 | .620 | H |
| 6. | Nakagagamit ng mga salitang Filipino sa wastong konteksto ng pagpapahayag. | 4.32 | .659 | H |
| 7. | Nakagagamit ng apat na makrong kasanayan sa Filipino. | 4.25 | .714 | H |
| 8. | Nakikilala ang mga pagkakamaling pambalarila ng wikang Filipino. | 4.18 | .630 | H |
| 9. | Gumagamit ng mga awtentikong wika bilang input sa konteksto ng tunay na paggamit nito. | 4.07 | .651 | H |
| 10. | Binibigyang-diin ang komunikasyong pasalita;isinasaalang-alang ang kulturang katutubong tagapagsalita sa pagkatuto ng pangalawang wika. | 4.35 | .582 | H |
| 11. | Isinasanib sa pagkatuto ng wika ang mga aspeto ng kultura. | 4.33 | .546 | H |
| 12. | Pinalilinaw ang mga kahulugan sa pangalawang wika sa pamamagitan ng mga kilos. | 4.33 | .546 | H |
| 13. | Binibigyang-diin ang pagkaunawa para sa mabisang pagsasalita. | 4.46 | .537 | H |
| 14. | Nagagamit ang wika sa pagpapaliwanag ng paksa. | 4.58 | .533 | Hha |
| 15. | Binibigyan-diin ang kasanayan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan sa pamamagitan ng interaksyon sa target na wika. | 4.40 | .563 | H |
| Kabuuang Mean | | 4.34 | | H |

© GSJ

**Mga Suliranin na Kinakaharap ng mga Guro na Nagtuturo ng Filipino**

Inirerepresinta ng Talahanayan 6 ang mga suliranin na kinakaharap ng mga guro na nagtuturo ng Filipino. May sampung (10) aytem ng mga suliraning. Ang aytem 4 ay may pinakamataas na mean na 4.00. Natuklasang hindi-gaanong suliranin ang kakulangan ng

ISSN 2320-9186

kaalaman sa paggamit ng mga bagong kagamitan sa pagtuturo. May mataas rin na mean ang aytem 1 na 3.98, makikitang hindi-gaanong naging suliranin ang kakulangan sa kaalaman sa wikang Filipino bilang midyum ng komunikasyon. Ang aytem 3 ay may mean na 3.79, nalaman na hindi-gaanong suliranin ang kakulangan ng kaalaman sa bagong kurikulum kaugnay sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa Filipino. May mababang mean ang aytem 6 na 3.04 ito ay nagsasabing may kaunting suliranin sa kakulangan ng seminar at pagsasanay na may kaugnayan sa pagtuturo ng wikang Filipino. Mababa rin ang mean ng aytem 7 na 3.07 nangangahulugan ito na may kaunting suliranin sa kakulangan sa mga pangangailangan o kagamitan sa pagtuturo. Makikita na ang kabuuang mean ay 3.57 na may deskripsiyon na Hindi Gaanong Suliranin (HGS). Ito ay nangangahulugan na hindi gaanong suliranin ng mga guro ang mga nabanggit na suliranin.

Talahanayan 6

*Mga suliranin na kinakaharap ng mga guro na nagtuturo ng Filipino*

| | Aytem | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|
| 1. | Kakulangan sa kaalaman sa wikang Filipino bilang midyum ng komunikasyon. | 3.98 | .744 | HGS |
| 2. | Hindi pagiging di-medyor sa Filipino na nagtuturo ng asignaturang Filipino. | 3.68 | 1.05<br>5 | HGS |
| 3. | Kakulangan ng kaalaman sa bagong kurikulum kaugnay sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral sa wikang Filipino. | 3.79 | .796 | HGS |
| 4. | Kakulangan ng kaalaman sa paggamit ng mga bagong kagamitan sa pagtuturo. | 4.00 | .681 | HGS |
| 5. | Kakulangan ng kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng wikang Filipino. | 3.67 | .893 | HGS |
| 6. | Kakulangan ng seminar at pagsasanay na may kaugnayan sa pagtuturo ng wikang Filipino. | 3.04 | .963 | KS |

Talahanayan 6 ( *karugtong*)

| | Aytem | Mean | SD | Deskripsiyon |
|---|---|---|---|---|
| 7. | Kakulangan sa mga pangangailangan o kagamitan sa pagtuturo. | 3.07 | .997 | KS |
| 8. | Kakulangan ng suporta ng paaralan tulad ng pinansyal o budget para | 3.67 | .852 | HGS |

© GSJ

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | sa mga gawaing pagkatuto at pagtuturo. | | | |
| 9. | Kakulangan ng suporta ng magulang sa mga proyekto at gawain sa paaralan. | 3.32 | .783 | KS |
| 10. | Kakulangan ng suporta ng mga opisyales ng pamahalaan sa mga gawain ng paaralan tulad ng suportang presensiya nila at maging sa pinansiyal. | 3.46 | .734 | KS |
| Kabuuang Mean | | 3.57 | | HGS |

**Suliranin sa Pagtuturo**

| Scale | Range of Mean | Description |
|---|---|---|
| 5 | 4.50 - 5.00 | Walang Suliranin (WS) |
| 4 | 3.50 - 4.49 | Hindi Gaanong Suliranin (HGS) |
| 3 | 2.50 - 3.49 | Kaunting Suliranin (KS) |
| 2 | 1.50 - 2.49 | Di-gaanong malaking Suliranin (DgmS) |
| 1 | 1.00 - 1.49 | Malaking Suliranin (MS) |

© GSJ

**Ugnayan ng Edad sa Pagtuturo ng Filipino sa Kahusayang at Kasanayang Pampropesyunal**

Makikita sa Talahanayan 7, ang *p-value* ay mas mababa sa 0.05 na nagsasabing may makabuluhang ugnayan ang edad sa kaalaman sa paksa, pamamaraan sa pagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika. Ito ay nangangahulugang ang mga guro na may edad 30-39 ay may kaalaman sa paksa. Ang edad sa paggamit ng kagamitang pampagtuturo ay may *p-value* na mas mataas sa 0.05, ito ay nagpapakita na ang edad at paggamit ng kagamitang pampagtuturo ay walang ugnayan. Nangangahulugan din ito na ang mga guro ay handa sa paggamit ng kagamitang pampagtuturo. Ipinapakita rin na ang mga guro na nagkakaedad 30-39 ay may higit na kahandaan sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo kaysa sa kaalaman sa paksa, pamamaraan sa pagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika.

Talahanayan 7

*Kahandaan ng Guro sa Kahusayan at Kasanayang Pampropesyunal Batay sa Edad*

| Kahandaan ng Guro sa Pagtuturo | Edad | *p*-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Kaalaman sa Paksa | $r_s$ = .46** | .000 | Significant |
| Paggamit ng Kagamitang Pampagtuturo | $r_s$ = .086 | .526 | Not Significant |
| Pamamaraan sa Pagtuturo | $r_s$ = .277* | .037 | Significant |
| Kakayahan sa Paggamit ng Wika | $r_s$ = .371** | .004 | Significant |

** Correlation is significant at the 0.01 level (2 tailed)

* Correlation is significant at the 0.05 level (2-Tailed)

**Ugnayan ng Kasarian sa Pagtuturo ng Filipino sa Kahusayang at Kasanayang Pampropesyunal**

Inilalahad sa Talahanayan 8, ang *p-value* ay mas mataas at halos kapantay sa 0.05 ng kasarian sa kaalaman sa paksa, paggamit ng kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika. Ito ay nangangahulugan na walang ugnayan ang kahandaan ng guro sa pagtuturo sa kanyang kasarian. Sa pagpili ng mga respondente, mga babae ang may malaking bilang ng mga guro na nagtuturo ng Filipino na may bilang na apatnaput-anim (46) at labing-isa (11) ang lalaki. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro na babae ay ang mayorya na nagtuturo ng Filipino. Sinuportahan ito ng pag-aaral na isinagawa ni Canillo (2013), na mas magaling ang mga babaeng guro sa asignaturang pangwika kaysa sa mga lalaki.

Talahanayan 8

*Kahandaan ng Guro sa Kahusayan at Kasanayang Pampropesyunal Batay sa Kasarian*

| Kahandaan ng Guro sa Pagtuturo | Kasarian | *p*-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Kaalaman sa Paksa | r = -.036 | .790 | Not Significant |
| Paggamit ng Kagamitang Pampagtuturo | r = .100 | .458 | Not Significant |
| Pamamaraan sa Pagtuturo | r = .098 | .467 | Not Significant |
| Kakayahan sa Paggamit ng Wika | r = -.009 | .947 | Not Significant |

**Ugnayan ng Antas ng Edukasyon sa Pagtuturo ng Filipino sa Kahusayang at Kasanayang Pampropesyunal**

Nakasaad sa Talahanayan 9, ang *p-value* ay mas mababa sa 0.05 sa antas ng edukasyon. Ang kaalaman sa paksa at kakayahan sa paggamit ng wika ay nangangahulugan na may ugnayan sa antas ng edukasyon ng mga guro. Ang *p-value* ng antas ng edukasyon sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo at pamamaraan sa pagtuturo ay mataas.

Nangangahulugan ito na ang antas ng edukasyon ay walang kaugnayan sa paggamit ng kagamitang pampagtuturo at pamamaraan sa pagtuturo. Ang resulta ng pag-aaral ay nangangahulugan na handa ang mga guro na apat na taon sa koliheyo o BSEd ang antas ng edukasyon sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo at pamamaraan sa pagtuturo kaysa sa kaalaman sa paksa at kakayahan sa paggamit ng wika. Ang mga guro na nagtuturo ay may kakaunting suliranin batay kaalaman sa paksa at kakayahan sa paggamit ng wika. Makikita na ang iilan sa mga guro ay sumagot ng may mababang kahandaan sapagkat karamihan sa kanila ay di-medyor sa Filipino, at kakaunti ang nagpapakadalubhasa sa Filipino. Sa kabila nito lumalabas pa rin sa pag-aaral na walang gaanong kaugnayan ang antas ng edukasyon sa kanilang kahandaan sa pagtuturo.

© GSJ

Talahanayan 9

*Kahandaan ng Guro sa Kahusayan at Kasanayang Pampropesyunal Batay sa Antas ng Edukasyon*

| Kahandaan ng Guro sa Pagtuturo | Antas ng Edukasyon | *p*-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Kaalaman sa Paksa | $r_s$ = -.262* | .049 | Significant |
| Paggamit ng Kagamitang Pampagtuturo | $r_s$ = -.096 | .477 | Not Significant |
| Pamamaraan sa Pagtuturo | $r_s$ = -.198 | .140 | Not Significant |
| Kakayahan sa Paggamit ng Wika | $r_s$ = -.282* | .004 | Significant |

* Correlation is significant at the 0.05 level (2-Tailed)

**Ugnayan ng Espesyalisasyon sa Pagtuturo ng Filipino sa Kahusayang at Kasanayang Pampropesyunal**

ISSN 2320-9186

Makikita sa Talahanayan 10, ang *p-value* ay mas mababa sa 0.05 nangangahulugang ang espesyalisasyon ng mga guro ay may kaugnayan sa kanilang kaalaman sa paksa at kakayahan sa paggamit ng wika. Ang espesyalisasyon sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo at pamamaraan sa pagtuturo ay mataas. Nangangahulugan ito na ang espesyalisasyon ay walang kaugnayan sa paggamit ng kagamitang pampagtuturo at pamamaraan sa pagtuturo ng mga guro. Ang resulta ay nangangahulugan na ang mga guro na di-medyor sa Filipino ay mas handa sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo at pamamaraan sa pagtuturo kaysa sa kaalaman sa paksa at kakayahan sa paggamit ng wika.

Talahanayan 10

*Kahandaan ng Guro sa Kahusayan at Kasanayang Pampropesyunal Batay sa Espesyalisasyon*

| Kahandaan ng Guro sa Pagtuturo | Espesyalisasyon | *p*-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Kaalaman sa Paksa | r = -.294* | .026 | Significant |
| Paggamit ng Kagamitang Pampagtuturo | r = -.102 | .448 | Not Significant |
| Pamamaraan sa Pagtuturo | r = -.242 | .069 | Not Significant |
| Kakayahan sa Paggamit ng Wika | r = -.339** | .010 | Significant |

** Correlation is significant at the 0.01 level (2 tailed)

* Correlation is significant at the 0.05 level (2-Tailed)

**Ugnayan ng Bilang ng Taon sa Pagtuturo ng Respondente sa Pagtuturo ng Filipino sa Kahusayang at Kasanayang Pampropesyunal**

Ipinapakita sa Talahanayan 11 ang bilang ng taon sa pagtuturo. Sa kaalaman sa paksa ay may *p-value* na mas mababa sa 0.05. Ito ay nangangahulugang ang bilang ng taon sa pagtuturo ay may kaugnayan sa kanilang kaalaman sa paksa. Ang *p-value* ng bilang ng taon sa pagtuturo sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika ay nangangahulugan na ang bilang ng taon sa pagtuturo ay walang kaugnayan sa paggamit ng kagamitang pampagtuturo. Ang resulta ay nangangahulugan na ang mga guro ay handa sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika. Subalit may kaunting suliranin sa kahandaan sa kaalaman sa paksa.

© GSJ

ISSN 2320-9186

Talahanayan 11

*Kahandaan ng Guro sa Kahusayan at Kasanayang Pampropesyunal Batay sa Bilang ng Taon sa Pagtuturo*

| Kahandaan ng Guro sa Pagtuturo | Bilang ng Taon | *p*-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Kaalaman sa Paksa | $r_s$ = .303* | .022 | Significant |
| Paggamit ng Kagamitang Pampagtuturo | $r_s$ = -.111 | .410 | Not Significant |
| Pamamaraan sa Pagtuturo | $r_s$ = .157 | .243 | Not Significant |
| Kakayahan sa Paggamit ng Wika | $r_s$ = .232 | .082 | Not Significant |

* Correlation is significant at the 0.05 level (2-Tailed)

**Kaugnayan ng Eligibility ng Respondente sa Pagtuturo ng Filipino sa Kahusayang at Kasanayang Pampropesyunal**

© GSJ

Ipinapakita sa Talahanayan 12 ang *eligibility* sa kaalaman sa paksa, paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika. Ang mga ito ay may *p-value* na mas mababa sa 0.05 at nangangahulugan na ang *eligibility* ng mga guro ay may kaugnayan sa kanilang kaalaman sa paksa, paggamit ng kagamitang pampagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika. Ang *eligibility* sa pamamaraan sa pagtuturo ay mas mataas sa 0.05 na nangangahulugan na ang *eligibility* ay walang kaugnayan sa pamamaraan sa pagtuturo. Ang resulta ng pag-aaral ay nangangahulugan na ang mga guro na may *eligibility* ay mas handa sa pamamaraan sa pagtuturo at may kaunting kahandaan sa kaalaman sa paksa, paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika.

Talahanayan 12

*Kahandaan ng Guro sa Kahusayan at Kasanayang Pampropesyunal Batay sa Eligibility*

| Kahandaan ng Guro sa Pagtuturo | Eligibility | *p*-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|

ISSN 2320-9186

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kaalaman sa Paksa | r = -.299* | .024 | Significant |
| Paggamit ng Kagamitang Pampagtuturo | r = -.406** | .002 | Significant |
| Pamamaraan sa Pagtuturo | r = -.201 | .135 | Not Significant |
| Kakayahan sa Paggamit ng Wika | r = -.311* | .019 | Significant |

** Correlation is significant at the 0.01 level (2 tailed)

* Correlation is significant at the 0.05 level (2-Tailed)

**Kaugnayan ng Katayuan sa Pagtuturo ng Respondente sa Pagtuturo ng Filipino sa Kahusayang at Kasanayang Pampropesyunal**

Ipinapakita sa Talahanayan 13 ang katayuan sa pagtuturo sa kaalaman sa paksa, paggamit ng kagamitang pampagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika. Ito ay mas mababa sa 0.05 at nangangahulugang ang katayuan sa pagtuturo ng mga guro ay may kaugnayan sa kanilang kaalaman sa paksa, paggamit ng kagamitang pampagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika at hindi tatanggapin ang Ho1. Ang katayuan sa pagtuturo sa pamamaraan sa pagtuturo ay mas mataas sa *p-value* na 0.05 ito ay nangangahulugan na ang katayuan sa pagtuturo ay walang kaugnayan sa pamamaraan sa pagtuturo at tatanggapin ang Ho1. Ang resulta ay nangangahulugan na ang mga guro na may katayuan sa pagtuturo na regular ay mas handa sa pamamaraan sa pagtuturo at may kaunting kahandaan sa kaalaman sa paksa, paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika.

Talahanayan 13

*Kahandaan ng Guro sa Kahusayan at Kasanayang Pampropesyunal Batay sa Katayuan sa Pagtuturo*

| Kahandaan ng Guro sa Pagtuturo | Katayuan sa Pagtuturo | *p*-value | Interpretasyon |
|---|---|---|---|
| Kaalaman sa Paksa | $r_s$ =-.434** | .001 | Significant |
| Paggamit ng Kagamitang Pampagtuturo | $r_s$ =-.341** | .009 | Significant |
| Pamamaraan sa Pagtuturo | $r_s$ = -.246 | .066 | Not Significant |

| | | | |
|---|---|---|---|
| Kakayahan sa Paggamit ng Wika | $r_s$ =-.378** | .004 | Significant |

** Correlation is significant at the 0.01 level (2 tailed)

**Bilang ng mga Guro na Naobserbahan ng Mananaliksik at Punong-guro sa Kanilang Pagtuturo**

Ipinapakita ng Talahanayan 14 ang bilang mga respondente sa ginawang obserbasyon ng mananaliksik at punong-guro sa kahandaan ng guro sa pagtuturo sa kahusayan at kasanayang pampropesyunal. Makikita na sa labing-isang (11) paaralan, ang anim (6) ay nagbigay ng pahintulot sa ginawang obserbasyon at sa limamputpitong (57) mga respondente ay dalawamput-walo (28) ang naobserbahan sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Hindi nakapag-obserba ang mananaliksik sa limang (5) paaralan sa kadahilanang ang mga naturang paaralan ay kakaunti ang populasyon ng mga mag-aaral at may kaunting problema sa isyung panseguridad.

Talahanayan 14

*Mga Respondente ng Ginawang Obserbasyon ng Mananaliksik at Punong-guro*

| Paaralang Tinuturuan | f | % |
|---|---|---|
| Kabuntalan NHS | 7 | 25.0 |
| Camp Siongco NHS | 5 | 17.9 |
| Sarilikha NHS | 3 | 10.7 |
| Bai Hanina Sinsuat NHS | 6 | 21.4 |
| Datu Arnel Datukon NHS | 5 | 17.9 |
| Dulangan NHS | 2 | 7.1 |
| Total | 28 | 100.0 |

**Resulta ng Ginawang Obserbasyon ng Mananaliksik at ng Punong-guro ng mga Paaralan**

Sa bahaging ito inilalahad ang kinalabasa ng obserbasyon na ginawa ng mananaliksik at ng punong-guro ng mga paaralan sa kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya. Nahahati ito sa dalawang (2) seksiyon tulad ng a) profayl ng mga guro, b) kahandaan ng guro sa pagtuturo ng Filipino ayon sa kahusayan at kasanayang pampropesyunal batay sa kaalaman sa paksa, paggamit ng kagamitang pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika.

**Obserbasyon sa Kahandaan ng Guro sa Pagtuturo ng Filipino sa Kahusayan at Kasanayang Pampropesyunal sa Kaalaman sa Paksa**

Ipinapakita ng Talahanayan 15 ang resulta ng obserbasyon ng mananaliksik at punong-guro sa dalawamput-walong (28) mga guro sa kanilang pagtuturo batay sa kaalaman sa paksa. Mayroong labindalawang (12) aytem sa kaalaman sa paksa na may resultang sagot na OO. Ito ang may malaking bilang sa parehong obserbasyon ng mananaliksik at punong-guro subalit may kaunti lamang na kaibahan sa bilang ng resulta. Makikita na mas mataas ang bilang ng mga kasagutan na OO sa ginawang obserbasyon ng mananaliksik at mas mababa ang sagot na hindi kumpara sa sagot ng punong-guro sa ilang mga aytem. Ganon pa man hindi nagkakalayo ang resulta ng obserbasyon. Napag-alaman sa pag-aaral na naituturo ng guro ang tamang pagbasa sa mga mag-aaral sa aytem 10. Natuklasan din na di-gaanong naituturo ng guro ang tamang pagsulat ng sulating pananaliksik sa mga mag-aaral.

Talahanayan 15

*Kaalaman sa Paksa*

| | | Mga Tagamasid | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Mananaliksik | | Punong-guro | |
| | Aytem | OO | HINDI | OO | HINDI |
| 1. | Natatalakay ba ng guro ang wika nang maysapat na kaalaman bilang paksa sa talakayan? | 26 | 2 | 26 | 2 |
| 2. | Nakapagtuturo ba ang guro ng balarila nang may buong kaalaman bilang paksa? | 24 | 4 | 23 | 5 |
| 3. | Natatalakay ba ng guro ang Panitikan nang may sapat na kaalaman sa kaniyangpagtuturo? | 22 | 6 | 24 | 4 |
| 4. | Natuturuan ba ng guro ang mga mag-aaral ng pagbaybay nang may sapat na kaalaman sapaksa? | 25 | 3 | 26 | 2 |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| 5. | Natatalakay ba ng guro nang may buong kaalaman ang kultura ng wika sa kaniyangpagtuturo? | 22 | 6 | 22 | 6 |
| 6. | Naituturo ba ng guro ang Komunikasyon nang may buong kaalaman sa paksa? | 23 | 5 | 24 | 4 |
| 7. | Natatalakay ba ng guro ang mga barayti ng wika nang may sapat na kaalaman sa paksa? | 23 | 5 | 21 | 7 |
| 8. | Nakapagtuturo ba ang guro ng tamang gamit ng mga salita sa kumonikasyon at iba pang gamit sa wika nang may sapat na kaalaman? | 22 | 6 | 23 | 5 |
| 9. | Naituturo ba ng guro ang tamang paraan ng pagsasalita ayon sa; pagbigkas ng malakas, pagbabasa ng malakas at pagpapaulit? | 23 | 5 | 24 | 4 |
| 10 | Naituturo ba ng guro ang tamang pagbasa sa mga mag-aaral? | 28 | 0 | 28 | 0 |
| 11. | Naituturo ba ng guro ang tamang pakikinig sa mga mag-aaral bilang paksa? | 25 | 3 | 27 | 1 |
| 12. | Naituturo ba ng guro ang tamang pagsulat ng sulating pananaliksik sa mga mag-aaral? | 18 | 10 | 20 | 8 |

**Obserbasyon sa Kahandaan ng Guro sa Pagtuturo ng Filipino sa Kahusayan at Kasanayang Pampropesyunal sa Paggamit ng mga Kagamitang Pampagtuturo**

Inirerepresenta ng Talahanayan 16 ang resulta ng obserbasyon ng mananaliksik at punong-guro sa mga guro sa kanilang pagtuturo batay sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo. Makikita na sampu (10) ang aytem sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo. Ang resulta ay nagpapakita na ang mga guro ay may kahandaan sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo. Ang pinakamataas na kahandaan ay ang aytem 9, kung saan nalaman na mas gumagamit ang mga guro ng modyul bilang gabay ng mga mag-aaral sa pagtuturo. Pumapangalawa ang paggamit ng guro ng kurikulum bilang gabay sa pagtuturo sa aytem 8. Pangatlo ay ang aytem 5 na nagpapatunay na handa ang guro sa paggamit ng teksbuk bilang gabay sa pagtuturo. Natuklasan naman na ang paggamit ng Teyp Rekorder, Radyo ay hindi na ginagawa ng mga guro sa pagtuturo.

Talahanayan 16

*Paggamit ng mga Kagamitang Pampagtuturo*

Mga Tagamasid

| Aytem | | Mananaliksik | | Punong-guro | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | OO | HINDI | OO | HINDI |
| 1. | Gumagamit ba ang guro ng Teyp Rekorder, Radyo sa pagtuturo? | 3 | 25 | 6 | 22 |
| 2. | Gumagamit ba ang guro ng mga larawang gumagalaw at di-gumagalaw, telebisyon/pelikula sa pagtuturo? | 7 | 21 | 8 | 20 |
| 3. | Nagsasagawa ba ang guro ng eksibit, ekskursyon, demonstrasyon sa pagtuturo? | 8 | 20 | 7 | 21 |
| 4. | Nagsasagawa ba ang guro ng mga worksyap sa mga mag-aaral sa pagtuturo? | 10 | 18 | 10 | 18 |
| 5. | Gumagamit ba ang guro ng teksbuk bilang gabay sa pagtuturo? | 23 | 5 | 23 | 5 |
| 6. | Gumagamit ba ang guro ng Chart sa pagtuturo? | 14 | 14 | 14 | 14 |
| 7. | Ginagamit ba ng guro ang laptop, projector at iba pang mga gamit pangteknolohiya sa pagtuturo? | 17 | 11 | 16 | 12 |
| 8. | Gumagamit ba ang guro ng Gabay na Kurikulum sa pagtuturo? | 26 | 2 | 26 | 2 |
| 9. | Gumagamit ba ang guro ng modyul bilang gabay ng mga mag-aaral sa pagtuturo? | 27 | 1 | 27 | 1 |
| 10. | Gumagamit ba ang guro ng mga awtentikong teksto sa pagtuturo? | 20 | 8 | 20 | 8 |

**Obserbasyon sa Kahandaan ng Guro sa Pagtuturo ng Filipino sa Kahusayan at Kasanayang Pampropesyunal sa Pamamaraan sa Pagtuturo**

Inilalahad sa Talahanayan 17 ang resulta ng obserbasyon ng mananaliksik at punong-guro sa pagtuturo ng mga guro batay sa pamamaraan sa pagtuturo. Makikita na mayroong dalawamput-anim (26) na aytem sa pamamaraan sa pagtuturo na may resulta ng sagot na OO. Maliit na bilang lamang ang may sagot na HINDI. Ito ay nangangahulugan na mas malaking bilang ng mga respondente ang may kahandaan sa pamamaraan sa pagtuturo. Ipinapakita rin na mataas ang sagot na OO sa aytem 21 na itinuturing ng mga guro ang personal na karanasan ng mga mag-aaral bilang mahalagang input sa pagkatuto. Kasunod ay ang aytem 22 na sinisikap ng guro na maiugnay ang pagkatuto sa loob ng klasrum sa mga gawaing pangwika sa labas ng klasrum. Sa aytem 23 at inaasahan ng guro na magkakamali ang mga estudyante sa pagsisimula nilang magsalita kung saan mga kamaliang global lamang ang iwawasto.

Talahanayan 17

*Pamamaraan sa Pagtuturo*

 

| | | Mga Tagamasid | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Mananaliksik | | Punong-guro | |
| | Aytem | OO | HINDI | OO | HINDI |
| 1. | Gumagamit ba ang guro ng pagtuturong nakapukos sa mag-aaral (*Learner- CenteredTeaching*)? | 22 | 6 | 24 | 4 |
| 2. | Nagagawa ba ng guro ang kooperatibong pagkatuto sa mga mag-aaral? | 23 | 5 | 26 | 2 |
| 3. | Nagagawa ba ng guro ang pagkatutong interaktibo (*Interactive Learning*) sa mga mag-aaral? | 26 | 2 | 26 | 2 |
| 4. | Nagagawa ba ng guro ang pagkatutong integratibo (*Integrative Learning*) sa mga mag-aaral? | 26 | 2 | 26 | 2 |
| 5. | Nagagamit ba ng guro ang A*ssertive Approach*o Dulog Asertibo sa Pamamahala at Pagdidisiplina? | 23 | 5 | 23 | 5 |
| 6. | Nagagamit ba ng guro ang kasiya-siyang gawain gaya ng kwento? | 25 | 3 | 25 | 3 |
| 7. | Nagagawa ba ng guro ang kasiya-siyang gawaing pagsasadula o role plays brainstorming? | 25 | 3 | 26 | 2 |
| 8. | Nagagawa ba ng guro ang gawaing debate? | 19 | 9 | 18 | 10 |
| 9. | Nagagawa ba ng guro ang mga larong pangwika o *language games?* | 16 | 12 | 17 | 11 |
| 10. | Gumagamit ba ako ng pamamaraang *grammar translation?* | 18 | 10 | 17 | 11 |
| 11. | Binibigyang-diin ba ng guro ang pagbasa at pagsulat upang malinang ang kahusayan sa pakikinig at pagsasalita? | 24 | 4 | 26 | 2 |
| 12. | Isinasaalang-alang ba ng guro ang kahandaan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng teksto? | 26 | 2 | 27 | 1 |
| 13. | Gumagamit ba ang guro ng target na wika sa pagkaklase? | 23 | 5 | 23 | 5 |
| 14. | Itinuturo ba ng guro ang pang-araw-araw na bokabularyo? | 18 | 10 | 18 | 10 |
| 15. | Nalilinang ba ng guro ang kasanayang pagsasalita sa pamamagitan ng tanong-sagot na paraan? | 25 | 3 | 27 | 1 |
| 16. | Itinuturo ba ng guro ang mga bagong aralin sa pamamagitan ng pagmomodelo at pagsasanay? | 22 | 6 | 23 | 5 |
| 17. | Gumagamit ba ang guro ng mga makabagong kagamitan at teknolohiya sa pagtuturo ng mga paksa sa Filipino? | 22 | 6 | 24 | 4 |
| 18. | Pinapagamit ba ng guro ang mga mag-aaralng mga makabagong kagamitan at teknolohiya sa paghahanda sa kanila | 17 | 11 | 22 | 6 |

© GSJ

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | sa patuloy na pagbabago ng panahon? | | | | |
| 19. | Gumagamit ba ang guro ng Iba't Ibang babasahin na may kaugnayan sa paksa para sa mas malawak na kaalamang maibibigay nito? | 20 | 8 | 24 | 4 |

Talahanayan 17 (*karugtong*)

| | | Mga Tagamasid | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Mananaliksik | | Punong-guro | |
| | Aytem | OO | HINDI | OO | HINDI |
| 20. | Nagbibigay ba ang guro ng pagkakataon samag-aaral na bigyang pokus hindi lamangng wikang pinag-aralan kundi pati na rin ang proseso sa pagkatuto nito? | | | | |
| 21. | Itinuturing ba ng guro ang mga personal na karanasan ng mga mag-aaral bilang mahahalagang input sa pagkatuto? | 28 | 0 | 28 | 0 |
| 22. | Sinisikap ba ng guro na maiugnay ang mga pagkatuto sa loob ng klasrum sa mga gawaing pangwika sa labas ng klasrum? | 28 | 0 | 28 | 0 |
| 23. | Inaasahan ba ng guro na magkakamali ang mga estudyante sa pagsisimula nilang magsalita; mga kamaliang global lamang ang iwawasto? | 28 | 0 | 27 | 1 |
| 24. | Nakapokus ba ang guro sa mga pangangailangan, tungkulin at istilo sa paggamit ng wika? | 26 | 2 | 26 | 2 |
| 25. | Nagbibigay ba ang guro ng ilang patnubay sa mga mag-aaral (halimbawa, pangkatang gawain o pagsasanay sa paggamit ng wika)? | 25 | 3 | 27 | 1 |
| 26. | Hinihikayat ba ng guro ang sariling pagtataya upang mabatid ng mga mag-aaral ang kanilang pag-unlad sa pagkatuto ng wika? | 26 | 2 | 27 | 1 |

© GSJ

**Obserbasyon sa Kahandaan ng Guro sa Pagtuturo ng Filipino sa Kahusayan at Kasanayang Pampropesyunal sa Kakayahan sa Paggamit ng Wika**

Ipinapakita ng Talahanayan 18 ang resulta ng obserbasyon ng mananaliksik sa dalawamput-walong (28) mga guro sa kanilang pagtuturo batay sa kakayahan sa paggamit ng wika. Makikita na mayroong labinlimang (15) aytem sa kakayahan sa paggamit ng wika ang

may resulta na sagot na OO. Maliit na bilang lamang ang may sagot na HINDI. Ito ay nangangahulugan na mas malaking bilang ng mga respondente ang may kahandaan sa pagtuturo sa kakayahan sa paggamit ng wika. Napag-alaman din na sa aytem 14 kung saan mataas ang bilang ng mga guro na handa sa paggamit ng wika sa pagpapaliwanag ng paksa. Mataas din ang bilang ng mga guro na may kahandaan sa paggamit ng wika sa aytem 15 at nagpakita na binibigyang-diin ng mga mga guro ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pakikipagtalastasan sa pamamagitan ng interaksyon sa target na wika.

Talahanayan 18

*Kakayahan sa Paggamit ng Wika*

| | | Mga Tagamasid | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | Mananaliksik | | Punong-guro | |
| | Aytem | OO | HINDI | OO | HINDI |
| 1. | Ang guro ba ay nakakapagsalita ng wikang Filipino na may wastong punto at paraan na artikulasyon? | 25 | 3 | 25 | 3 |
| 2. | Nakagagamit ba ang guro ng wikang Filipino na may wastong hinto, punto at pantig? | 20 | 8 | 22 | 6 |
| 3. | Nakapagsasalita ba ang guro ng ayon sa wastong himig at indayog ng wikang Filipino? | 19 | 9 | 20 | 8 |
| 4. | Nakabubuo ba ang guro ng mga pangungusap ayon sa sintaks ng wikang Filipino? | 24 | 4 | 22 | 6 |
| 5. | Nakapagpapahayag ba ang guro ng matatas samga karaniwan at akademikong konsepto gamit ng wikang Filipino? | 24 | 4 | 23 | 5 |
| 6. | Nakagagamit ba ang guro ng mga salitang Filipino sa wastong konteksto ng pagpapahayag? | 21 | 7 | 18 | 10 |
| 7. | Nakagagamit ba ang guro ng apat na makrong kasanayan sa Filipino? | 21 | 7 | 23 | 5 |
| 8. | Nakikilala ba ng guro ang mga pagkakamaling pambalarila ng wikang Filipino? | 23 | 5 | 19 | 9 |
| 9. | Gumagamit ba ang guro ng mga awtentikong wika bilang input sa konteksto ng tunay na paggamit nito? | 17 | 11 | 17 | 11 |
| 10. | Binibigyang-diin ba ng guro ang komunikasyong pasalita; isinasaalang-alangang kulturang katutubong tagapagsalita sa pagkatuto ng pangalawang wika? | 22 | 6 | 26 | 2 |
| 11. | Isinasanib ba ng guro sa pagkatuto ng wika ang mga aspeto ng | 25 | 3 | 28 | 0 |

GSJ: Volume 11, Issue 2, February 2023
ISSN 2320-9186


| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | kultura? | | | | |
| 12. | Pinalilinaw ba ng guro ang mga kahulugan sa pangalawang wika sa pamamagitan ng mga kilos? | 26 | 2 | 27 | 1 |
| 13. | Binibigyang-diin ba ng guro ang pagkaunawa para sa mabisang pagsasalita? | 26 | 2 | 26 | 2 |
| 14. | Nagagamit ba ng guro ang wika sa pagpapaliwanag ng paksa? | 27 | 1 | 27 | 1 |
| 15. | Binibigyan-diin ba ng guro ang kasanayan ng mag-aaral sa pakikipagtalastasan sa pamamagitan ng interaksyon sa target na wika? | 27 | 1 | 26 | 2 |

## PAGLALAGOM NG PAG-AARAL, KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng paglalagom, konklusyon at rekomendasyon tungkol sa kahandaan ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino sa antas sekondarya.

Nais bigyang kasagutan ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan:
Ano ang profayl ng mga guro na nagtuturo ng Filipino?; Ano ang kahandaan ng isang guro na nagtuturo ng Filipino sa mga paaralan ng sekondarya sa Dibisyon ng Maguindanao II batay sa mga sumusunod na Kahusayang at Kasanayang Pampropesyunal: Kaalaman sa Paksa; Paggamit ng Mga Kagamitang Pampagtuturo; Pamamaraan sa Pagtuturo; Kakayahan sa Paggamit ng Wika?; Ano-ano ang mga suliranin na kinakaharap ng mga guro na nagtuturo ng Filipino?; May kaugnayan ba ang profayl sa kaalaman sa paksa, paggamit ng mga kagamitan pampagtuturo, pamamaraan sa pagtuturo at kakayahan sa paggamit ng wika?

### Ang Pangunahing Natuklasan sa Pananaliksik

Nalaman sa pag-aaral na ang mga gurong respondente ay may edad na, natuklasan din na sila ay mas may kaalaman sa mga paksang itinuturo sa Filipino at handa sa kanilang pagtuturo. Makikita na mas marami ang may kasarian na babaeng respondente dahil sila ang madalas na nagtuturo ng asignaturang Filipino. Karamihan sa antas ng edukasyon ng mga guro na nagtuturo ay BSEd na di-medyor sa Filipino ito ay sa kadahilanang wala masyadong kumukuha ng kursong edukasyon medyor sa Filipino. Malinaw na ang karamihan sa mga respondenteng guro ay di-medyor sa Filipino at baguhan pa lamang sa pagtuturo. Napag-alaman na walang kinalaman ang pagiging baguhan sa pagiging handa sa pagtuturo. Malaking bilang ng mga respondente ang may *eligibility* na LET at regular ang katayuan sa pagtuturo.

Natuklasan sa pag-aaral na ang mga guro ay handa at may kaalaman sa paksa. Nakita na ang mga guro ay may mababang kahandaan sa pagtuturo ng sulating pananaliksik sa mga mag-aaral. Ang mga guro ay handa sa paggamit ng mga kagamitang pampagtuturo. Sila ay hindi gumagamit ng mga lumang kagamitan dahil sila ay bihasa sa paggamit ng mga makabagong kagamitan sa pagtuturo. Inilahad ng pag-aaral na bagamat ang mga guro ay may kahandaan sa pamamaraan sa pagtuturo, sila ay may mababang kahandaan sa kakayahan sa pagsasalita ng may wastong himig at indayog ng wikang Filipino. Sa kahandaan sa kakayahan sa paggamit ng wika, ang mga guro ay may kahandaan sa pagtuturo ng Filipino ngunit di-gaanong bihasa sa paggamit ng wika.

May kaunting suliranin ang mga guro sa kakulangan ng seminar at pagsasanay na may kaugnayan sa pagtuturo ng wikang Filipino at kakulangan sa kagamitang pampagtuturo.

Ang profayl ay may kaugnayan sa kahandaan at kasanayang pampropesyunal ng guro, subalit hindi naman ito naging malaking suliranin sa kanilang kahandaan sa pagtuturo. May malaking bilang ang mga guro na may edad na at malaking bilang ay mga babaeng guro, ang antas ng edukasyon na BSEd o apat na taon sa kalehiyo na karamihan ay di-medyor sa Filipino, ito ay hindi hadlang upang makapagturo ang mga guro ng Filipino. Nalaman na ang mga guro na di-medyor ay may mababang kahandaan sa gawaing pagsulat ng mga sulating pananaliksik. Nakita naman na ang espesyalisasyon ay hindi naging suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino. Natuklasan din na ang pagiging baguhan sa pagtuturo ay walang kinalaman sa kahandaan ng guro sa pagtuturo samakatuwid ang mga gurong baguhan sa pagtuturo ay handa.

Nakita na malaking bilang o mayorya sa mga gurong nagtuturo ng Filipino ay may *eligibility* na LET, ang mga guro na may *eligibility* ay mas handa sa pagtuturo. Ang pagiging lisensyado ng guro ay nakakatulong upang mas maging handa ang guro sa pagtuturo.

Ang katayuan sa pagtuturo ay mayorya sa mga guro ay handa sa kanilang pagtuturo. Kung kaya't ang ugnayan ay nagsasabing handa ang mga guro na regular ang katayuan sa pagtuturo sa mga paaralang sekondarya, ang pagiging regular ang katayuan sa pagtuturo ay isang motibasyon sa mga guro upang makapagturo ng mabuti at may kahandaan. Ito ay patunay na ang mga gurong regular ay karapat-dapat sa kanilang mga tungkuling makapagturo ng Filipino.

## Konklusyon

Natanto sa pag-aaral na ito na ang pangunahing kahinaan ng mga guro sa pagtuturo ay ang kakulangan sa kasanayan at katatasan sa paggamit at pagsasalita ng wikang Filipino. Ang katanungan sa pagsusulit ay nakasulat sa Filipino subalit sa pagtuturo ay gumagamit ng unang wika o *Mother Tongue* ang guro. Ito ang maaaring dahilan kung bakit mababa ang resulta ng Pambansang Pagsusulit o *National Achievement Test* (NAT) sa rehiyon.

Nakita rin na ang pagtuturo ng pagsulat ng mga sulating pananaliksik ay nararapat lamang na pagtuunan ng pansin ng mga guro ngunit ito ay hindi nagpapakita ng malaking suliranin sa pagtuturo. Makakatulong ang mga karagdagang seminars o pagsasanay sa Filipino upang mas maging handa ang mga guro sa pagtuturo. Nalaman din na ang mga guro na may regular na katayuan sa pagtuturo ay mas handa sa pagtuturo ng Filipino sapagkat mas nakalalamang sila sa usaping kaalaman sa paksa at kagamitan sa pagtuturo. Nakita na mas nakaaangat ang mga guro na regular sa pagtuturo sa isyung pampinansyal kaya naman wala masyado silang suliranin sa pagtuturo. Ngunit hindi ito nangangahulugan na ang mga guro na probisyonal at boluntaryo ang katayuan ay hindi handa sa kanilang pagtuturo.

Nararapat lamang na pag-ibayuhin pa ng kagawaran ng edukasyon ang pagtatalaga ng mga gurong regular upang makapagturo sa mga pampublikong paaralan sa sekondarya. Sa ganitong paraan matutulongan ang mga gurong probisyonal at boluntaryo ang katayuan upang maging regular at mapaangat pa ang kanilang motibasyon sa pagtuturo.

© GSJ

## Mga Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, ang mga sumusunod ay iminumungkahi:

1. Nararapat na pagtuunan ng pansin ng kagawaran ng edukasyon ang pagsasagawa ng mga seminar at pagsasanay sa mga guro kaugnay sa pagsasanay sa paggamit ng wika sa pagtuturo ng Filipino para sa lalong ikagagaling ng pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral

2. Nararapat na mas mapaunlad pa ng mga baguhang guro ang kanilang kaalaman sa paksa at kakayahan sa paggamit ng wika sa pamamagitan ng pagpapaka dalubhasa sa Filipino.
3. Kinakailangan din na bigyang atensyon ang mga katayuan ng mga guro na nagtuturo ng Filipino. Ang pagiging regular ng katayuan sa pagtuturo ay nakakalamang kumpara sa mga boluntaryong nagtuturo, ito ay maaring may kinalaman sa pampinansyal na

suliranin ng mga guro.

4. Maaring gumawa ng mga alternatibong programa ang kagawaran ng edukasyon upang matulungan ang mga gurong boluntaryo na matiyagang nagtuturo sa mga paaralan.

**Mga Rekomendasyon Para sa Iba Pang Pag-aaral**

1. Epekto ng Edad ng Guro sa Kahusayan at Kasanayang Pampropesyunal sa Pagtuturo ng Asignaturang Filipino
2. Antas ng Kahusayan at Kasanayang Pampropesyunal ng mga Baguhang Guro sa Pagtuturo ng Filipino
3. Epektibong Pagtuturo ng Guro na may Katayuang Regular at Boluntaryo sa Pagkatuto ng mga Mag-aaral sa Asignaturang Filipino

## TALASANGGUNIAN

Abad, M., & Castaneto-Ruedas, P. (1996). Paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo. *QC: Kalayaan Press Marketing Enterprise Inc*.

Acosta, I. C., & Acosta, A. S. (2017). A mixed methods study on teachers' perceptions of readiness of higher education institutions to the implementation of the k-12 curriculum. *Universal Journal of Educational Research*, *5*(7), 1215-1232.

Badayos, P. B. (1999). *Metodolohiya sa pagtuturo ng wika: mga teorya, simulain, at istratehiya*. Grandwater Publications and Research.

Badayos P. (2000). Metodolohiya sa pagtuturo, mga simulain at istratehiya. Lungsod ng Quezon: Rex Publishing Company.

Belvez, P. (1991). Ang guro at ang sining ng pagtuturo. Manila: Philippine Normal University.

Belvez, P. et al. (2000). Ang sining agham ng pagtuturo ng Filipino. Lungsod ng Quezon; Rex Publishing Company.

Bilbao, et. Al (2008). Curriculum Development, Lorimar Publishing Company incorporated, Philippines.

Canillo, Rodelle C. (2013). Pagsusuri sa mga salik pangguro na nakakaapekto sa kahandaan sa pagtuturo gamit ang wikang teduray. Paaralang Gradwado, Pamantasan ng Notre Dame Lungsod ng Cotabato

Cazden, C. B., John, V. P., & Hymes, D. (1972). Functions of language in the classroom.

Cazden, C. B. (1986). Language in the classroom. Annual review of applied linguistics, 7, 18-33.

Cruz, Isagani (1989). Mga panuntunan ng epektibong pagtuturo ng Filipino. Phoenix Educators Journal. December.

Coakley, C., & Wolvin, A. (1997). Listening in the educational environment. *Listening in everyday life: A personal and professional approach*, *2*, 179-212.

Dayag, A. M., Del Rosario, M.G., G. (2017). Komunikasyong at pananaliksik tungo sa wika at kulturang Pilipino. Karampatang-ari 2017 ng Phoenix Publishing house, Inc. 927 Quezon Ave., Quezon city.

De Juan (2013). Ang mga estratehiya sa pagtuturo ng wika at ang pamaraang komunikatib sa pagtuturo ng wika. Retrieved from https://Filipinotek.wordpress.com>ang…

Demeterio III, F. P. A., & Liwanag, L. A. L. (2014). Ang Pilosopiya ni Pierre Bourdieu bilang Batayang Teoretikal sa Araling Pilipino. *Kritike: An Online Journal of Philosophy*, *8*(2).

Fernandez, Fricx Mhel A. et al. (2013). Pag-unawa sa suliranin ng mga di-medyor na guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Pamantasang De La Salle- Dasmariñas, Dalubhasaan ng Malalayang Sining, Programang Panggraduwado. Academia.edu. www.academia.edu>Introduksyon_Fen…

Fernández, M., Alférez, A., Vidal, S., Fernández, M. Y., & Albareda, S. (2016). Methodological approaches to change consumption habits of future teachers in Barcelona, Spain: reducing their personal Ecological Footprint. *Journal of Cleaner Production*, *122*, 154-163.

Gannaban, M. F. (2012). Isang pagsusuri sa persepsyon sa at aktwal na kahusayang pampagtuturo ng guro. *DALUMAT E-Journal*, *3*(1-2), 1-1.

Husin, M., Awang, M. M., & Ahmad, A. (2017). Teacher readiness in teaching and learning history process through i-think mind maps. *Yupa: Historical Studies Journal*, *1*(2), 183-198.

Ibrahim, Zahra B. (2005). Ang kahandaan ng mga guro ng Filipino sa mga paaralan ng tersyarya sa lungsod ng Cotabato. Paaralang Gradwado, Pamantasan ng Notre Dame Lungsod ng Cotabato

Kariyev, A., Turganbayeva, B., Slambekova, T., Zheldybayeva, B., & Kabdualiyeva, A. (2015). Model of formation of teacher's readiness to learning on the base of interactive methods as the conditions of creation of students abilities. *Procedia-Social and Behavioral Sciences*, *190*, 353-357.

Laus (2002). Tradisyunal at alternatibong pagtuturo ng maikling kwento sa ikalawang taon ng Pooc National High School, Talisay City, Cebu

Mateo, C. B. (2014). *Pagdadalumat sa ugnayan ng paggamit ng wikang Filipino at mga piling pilosopiya't persepsyong ideolohikal ukol sa pagtuturo ng kasaysayan ng Pilipinas*(Doctoral dissertation).

Mendoza, R. J. (2008). Ang kurikulum na Filipino: Saan patutungo sa hamon ng globalisasyon?. *Malay*, *20*(2).

Meriam-Webster (2005) Kahandaan ( Readiness)

Nunez, D. Jr. (2006). National Achievement Test-4th year 2005-2006. National Achievement Test-4th year (05-06) secondary school, teachers. Retrieved from https://www.scrib.com>doc>National-…

Paglinawan, Dr.Leticia C. (January 2010). Isang malikhaing pagtuturo ng wikang tungo sa paglinang ng kasanayang pangkomunikatibo: Mga tunguhin at estratehiya. Filipino Language Program, University of Michigan. Retrieved from https://www.scribd.com>document>Pa…

Paz, Consuelo, V. Hernandez, at I. Peneyra. Ang pag-aaral ng wika. Quezon City: The University of the Philippines Press, 2003.

PNU LET REVIEWER (2013). Filipino, A reviewer for the Licensure Examination for Teachers. Philippine Normal University.

Ryans, D. G. (1963). Teacher behavior theory and research: Implications for teacher education. *Journal of Teacher Education*, *14*(3), 274-293.

Richards, J. C. (2001). *Curriculum development in language teaching*. Ernst Klett Sprachen.

Roper, V. (1974). The influence of learning theory on the behavior of the teacher in the classroom. *Educational Theory*, *24*(2), 155-160.

Ruedas, C., et al (2001). Paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo tulad ng E from Filipino FIL2A - 2014 at University of the East, Manila. Retrieved from https://www.coursehero.com>file>10-…

Sayas, Jennifer L. (2010). Bisa ng constructivismong pamamaraan sa pagtututro ng asignaturang Filipino 1 sa tersyarya. Paaralang Gradwado, Pamantasan ng Notre Dame Lungsod ng Cotabato

Silva, E. (2008). Measuring skills for the 21st century. Education sector reports. *Education Sector*.

Soria, William Vincent (2018). Pamamaraan estratehiya at dulog sa pagtuturo ng Filipino. Retrieved from https://www.scrib.com>document>Pa…

Straková, Z. (2015). The perception of readiness for teaching profession: a case of pre-service trainees. *Journal of language and cultural education*, *3*(1), 32-42.

Susilo, T., & Suryawan, A. (2018, May). An analysis of teacher's preparation in implementing 2013 revision edition curriculum on mathematics specialization
learning. In *Journal of Physics: Conference Series* (Vol. 1022, No. 1, p. 012013). IOP Publishing.

Villanueva, V. M. (2016). Makabayang pedagohiya sa pagpapatupad ng OBTEC (Outcomes-Based Curriculum) Filipino sa pamantasang normal ng Pilipinas-Maynila. *The Normal Lights*, *10*(2).

Wang, Z., Utemov, V. V., Krivonozhkina, E. G., Liu, G., & Galushkin, A. A. (2018). Pedagogical readiness of mathematics teachers to implement innovative forms of educational activities. *Eurasia Journal of Mathematics, Science and Technology Education*, *14*(1), 543-552.

ISSN 2320-9186

Wilga M. Rivers (Ed.). (1987). *Interactive language teaching*. Cambridge University Press.

Williams, H. S., & Alawiye, O. (2001). Student teachers perceptions of a teacher training program. *College Student Journal*, *35*(1).

Wolvin, A., & Coakley, C. W. (1991). Listening in the educational environment. *Listening in everyday life: a personal and professional approach*, 162-200.

Yagang, F. (1993, January). Listening: Problems and solutions. In *English Teaching Forum* (Vol. 31, No. 2, pp. 16-19).

Zafra, G. S. (2016). Ang pagtuturo ng wika at kulturang Filipino sa disiplinang Filipino (Konteksto ng K-12). *Katipunan ng mga Pag-aaral sa Wika, Panitikan, Sining at Kulturang Filipino*, (1).

Zamora, N. C. L. (2016). Pagtataya sa modularisasyon ng K-12 sa asignaturang Filipino: tungo sa pagbuo ng modelo ng ebalwasyon para kagamitang panturo na tutugon sa ika-21 siglong kasanayan. *The Normal Lights*, *10*(2).

© GSJ

## APPENDIKS E

## CURRICULUM VITAE

**JULY JEAN LUSARIA BENITO**
28 July 1989
Lower Taviran, Kabuntalan Maguindanao
julyjeanbenito@gmail.com

### Educational Attainment

| | |
|---|---|
| Elementary: | Kimpo Elementary School<br>March 2002 |
| Secondary: | Notre Dame-VNHS Cotabato<br>March 2006 |
| Tertiary: | Antonio R. Pacheco College Inc,. Cotabato City<br>Bachelor in Secondary Education-Major in Filipino<br>March 2013 |
| Post Graduate: | Notre Dame University |

ISSN 2320-9186

Master of Arts in Education Major in Filipino

**Training and Seminars Attended**

Teacher's Training on NCBTS and K to 12 Features
Division, January 2014

Mass Training of Senior High School Teachers (Common Topics)
Regional, April 2017

Division Re-Orientation Program for Newly Hired teachers of Junior anf Senior High Schools of Maguindanao - II
Division, July 2017

Seminar- Workshop on Implementing and Supervising SHS work Immersion
Regional, November 2017

Enhancement Training Program for New Teachers (5 years and below)
Division, May 2018

© GSJ

**Position Held/ Professional Affiliation**

Teacher III
Kabuntalan National High School
Maguindanao II Division
2016- To Date

Communication Officer of DRRM
Kabuntalan National High School
2017- To Date
SHS Grade 12 - General Academic Strand (GAS) Adviser
2016- To Date

**Commendation and Awards**

Outstanding Student Teacher
Antonio R. Pacheco College Inc,.
March 31, 2013

ISSN 2320-9186

© GSJ